# *Si Cristo Ay Nahahayag Sa Kanyang Sariling Salita*

Iyukod natin ang ating mga ulo. Panginoong Jesus, ang Pastol ng dakilang Kawan, lubos ang aming pagkakautang sa Iyo, Panginoon, na hindi namin kailanman makakayang bayaran Ka para sa pag-ibig na ibinuhos Mong ganap sa aming mga puso. Nadarama namin na kami'y lubhang hindi karapat-dapat habang iniyuyukod namin ang aming mga ulo at nakatayo sa Iyong presensiya. Hinihiling po namin na linisin Mo kami sa lahat ng mga pagkakamali at lahat ng kasalanan. Dalangin po namin na palakasin Mo ang aming mga katawan ngayon. Marami ang may sakit at may karamdaman, gaya ng nakikita rito, ng mga panyo at mga kahilingang natanggap mula sa mga telepono at sa lahat na ng dako.

2 At naniniwala kami na amin nang winawakasan itong kasaysayan ng sanlibutan ngayon, at di-magtatagal ay maglalaho na ang panahon tungo sa Walang Hanggan, at nais naming maging handa para sa oras na iyon. Kaya nga po nangagkatipun-tipon kami dito sa umagang ito, ay upang maghanda para sa sandaling 'yon. Nasabi sa akin na marami ang mga nakakonekta sa telepono ngayong umaga sa buong bansa, mula sa baybayin pabaybayin. Saan man napapadpad ang aming mga tinig, nawa'y mapagpala ang munting pangkat na iyon. Pagalingin ang maysakit sa kanila, at dalangin ko po na Iyong linisin ang kanilang mga kaluluwa sa lahat ng kasamaan. At tulungan kami dito ngayong umaga, sa tabernakulo, na amin din namang matamasa ang dakilang pribilehiyong iyon.

3 At hinihiling po namin na mangusap Ka sa amin ngayon sa pamamagitan ng Iyong naisulat na Salita, at ihayag nawa sa amin ng Espiritu ang mga bagay na aming kinakailangan, habang kami'y nagkatipun-tipon sa buong bansa ngayon, nadaramang kami'y isang kakaunting mga tao, ngunit may dako na kasama ang mga tinubos, sapagkat kami'y sumampalataya kay Jesus Cristo. Ipagkaloob Mo po ang mga bagay na ito sa amin, Panginoon.

4 At kapag amin nang tinapos ang gawain at umuwi na kami sa aming kanya-kanyang tahanan sa buong bansa, masambit nawa namin, gaya niyaong mga nagbuhat sa Emaus, "Hindi baga nag-aalab ang ating mga puso sa loob natin habang Siya'y nangungusap sa atin sa daan?"

5 Ngayon, Ama, alam ko na anuman ang sasabihin ko ay tiyak na hindi sasapat, sa—sa mga mabubuting mga Cristiano

sa buong bansa ngayon na nakikinig, ito'y hindi magiging—ito'y hindi magiging sapat. Hindi ito magiging isang bagay na masasabi ko na makagagawa ng anumang mabuti, sapagkat lahat kami ay nasa iisang kategorya lamang. Kami'y mga tao, mga mortal. Subalit hayaang ang Espiritu Santo ang mangusap; hawakan nawa Niya ang Salita at sadyang ihayag ang Kanyang Sarili. Naghihintay po kami sa Kanya ngayon, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

6 Ako'y medyo. . .hindi ko inaasahan. Sinabi ko sa aking asawa, kung nakikinig man siya, doon sa Tucson, na hindi ko inisip na magkakaroon ako ng anumang gawain sa pagbalik ko; at ni hindi nga ako nagdala ng mga damit. At nasabi ko sa manugang kong babae, plinantsa niya ang amerikana ko, at sabi ko, "Mananatili ako sa likod ng pulpito, na. . .Hindi nila alam na ang pantalon ko ay isang klase at ang amerikana nama'y iba." Iyon 'yung mga isinusuot ko sa bahay. Pero, si Meda, plinantsa na niya ang kamiseta ko at ang lahat na, kaya sa lahat. . .Huwag kayong mag-alala; maayos na ang lahat.

7 Ngayon, may isang kahilingan tayo dito, na may isang talagang malapit na kapatid na lalaki. . .At sa palagay ko na—na ang Prescott, sa palagay ko, ay nakakonekta ngayong umaga, doon sa—sa Prescott, Arizona. Ang ama ni Kapatid na babaeng Mercier ay nasa daan na niya patungo dito sa pagtitipon, sa pagkaunawa ko, at kinailangang dalhin sa ospital dahil sa isang atake sa puso, si Kapatid na Coggins. At, gayundin, si Kapatid na Junior Jackson, sa palagay ko'y naroon siya sa kasunod na radyo doon, o sa kasunod na telepono doon sa Clarksville o New Albany, at ang kanyang ama ay nasa ospital, sa pagkaunawa ko, may maselang operasyon sa kanser sa atay. Kaya tiyak na nais nating alalahanin ang mga iyon sa ating mga panalangin. At ngayo'y meron pang iba rito, din, subalit ayaw na nating gumugol pa ng oras. Alam na ng Diyos ang lahat ng tungkol sa kanila, kaya manalangin tayo para sa kanila ngayon.

8 Minamahal na Diyos, habang yaong mahal, na matandang, lalaki na kulubot na ang kamay, si Kapatid na Coggins, isang matanda nang beterano sa larangan, ay. . .nakaratay sa ospital ngayong umaga, sa kung saan man, na naghihirap dahil sa isang atake sa kanyang puso. Diyos, ang puso ng kawawang matandang iyon ay dumaan na po sa napakaraming pagkabagabag. Dalangin ko, Diyos, na tulungan Mo po siya. Ipagkaloob po ito. Nais niya. . .Ibig niya ng buhay na gaya naming lahat, at gusto niyang mabuhay. Panginoong Diyos, ipagkaloob Mo po ito. Kami sa buong bansa ay dumadalangin sa Pangalan ni Jesus para sa kanya, na Iyo po siyang pagagalingin at ilalabas siya. Sumasampalataya po kami na Iyong gagawin; makararating siya sa pagtitipon.

9 Dumadalangin kami para kay Kapatid na Jackson, ang kanyang mahal na tatay ay nakaratay doon na nasa bingit na ng kamatayan ngayon, at naghatid sa mundo ng isang mabuting lalaking gaya ni Junior. Ako—ako—dalangin ko, minamahal na Diyos, na Iyo po siyang pagagalingin. Alam kong tila imposible ito. Ang mga mediko, ang mga doktor, sila—hindi po nila alam kung ano ang gagawin sa ganoong uri ng kaso. Subalit naaalaala namin si Kapatid na Hall, din, nang sabihin ng pinakamagaling sa mga manggagamot dito, sa Louisville, sabi, "Ilang oras na lang ang itatagal niya," na may kanser sa atay. At siya'y nabubuhay ngayon, at iyon ay dalawampu't limang taon nang nakararaan, dahil sa Iyong biyaya. Kaya dalangin ko po na Iyong pagalingin si Kapatid na Jackson ngayon, Panginoon, hayaang mapasa kanya ang Iyong biyaya't habag.

10 At lahat ng napakalaking bunton ng mga panyong ito at mga tela at mga bagay na inilagay dito sa kahilingan; batid Mo po ang lahat ng ito, Ama. Dalangin ko po na Iyong ipagkaloob ang kagalingan sa kanilang lahat. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

11 Ngayon sa pag-uumpisa, ngayong umaga, hindi ko inisip na pupunta ako rito, unang-una, noong nakaraang Linggo. At pagkatapos muli, nang ipinaalam namin ito, ay pumunta ako. Ako ang pinagsalita ni Kapatid na Neville! At pagkatapos ipinaalam namin na magpupunta kami rito ngayon, at hindi pa ito naipagbigay-alam sa mga tao sa buong bansa. At mayroon na tayo nitong sistema sa telepono ngayon, na talaga namang, napakainam. Makakaupo ang mga tao sa mismong mga tahanan nila o sa kanilang. . .magsasama-sama sa kanilang mga lugar, sa kanilang mga bahay-sambahan, at iba pa, at maririnig ang gawain. Natutuwa ako riyan.

12 Ngayon nakikita kong nakalapag dito, napakaraming kahilingan nitong nagdaang linggo, tungkol sa kung ano'ng sinabi ko noong nakaraang Linggo sa Mensahe. Sa palagay ko'y nakalimutan ko na kung ano ang ipinamagat ko dito ngayon. Pero sinabi ko ang isang bagay na tungkol sa pagbabayad ng inyong mga utang. At alam n'yo, kahit na ano pa ang sabihin mo, mali ang pagkaunawa dito ng marami. Hindi dahil sa sila . . . hindi nila gusto na mamali ng pagkaunawa dito, kundi talaga lang na mali ang pagkaunawa mo dito.

At ngayon may isang nagsabi, "Dapat ba kaming bumili ng kotse?" O, "Ano ba ang dapat kong . . . "

Ngayon, hindi iyan ang pinatungkulan ni Jesus, o ng Biblia doon, na sinabi, "Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man." Iyon ay ang matagal nang mga utang na kaya ninyong bayaran. Bayaran n'yo ang mga iyon. Hindi ito. . .Iyon ang walang pagkakautang sa kanino man ng ano man. Hindi ito nangangahulugang. . .Naku, utang natin ang renta natin, ang bayarin natin sa telepono, tayo. . .at kung ano pa. Tayo—

utang natin ang mga bagay na ’yan, at binabayaran natin ang mga ’yan. Pero, ang dating matagal nang pagkakautang na kaya n’yo namang bayaran, bayaran na ito. Kita n’yo? Ngayon, huwag magpatuloy na may anumang bagay na naiiwan sa inyong gaya niyan.

13 Naaalala ko ang isang panahon noon nang magkasakit ako, minsan noong bata pa ako. Lumabas ako sa ospital na may utang na nasa mga dalawang libong dolyar. At mayroon dating botika dito, si G. Swaniger, nagkautang ako sa kanya ng nasa tatlo o apatnaraang dolyar, na utang sa gamot. Ni hindi nga niya ako kilala. At ’yung tao . . . Nagpunta ako sa kanya. Hindi ko siya kilala. At ipinadala lang niya iyon doon, kahit paano, hindi kailanman tumanggi na ipadala iyon. At sabi ko, “May utang ako sa iyo.” At sabi ko . . . Sa palagay ko, si Swaniger . . . Si G. Mason iyon doon sa kanto ng Court Avenue at Spring.

At sabi ko, “May utang ako sa iyo. At ako’y—ako’y talagang nanghihina pa rin, pero sinisikap kong makapagtrabaho. Ngayon, kung hindi kita mabayaran . . . ” Bago pa lang akong naging isang Cristiano noon. Sabi ko, “Unang bagay, G. Mason, bilang tungkulin ko sa Diyos, utang ko sa Kanya ang aking mga ikapu. Nais ko Siyang bayaran sa aking mga ikapu, muna.” At sabi ko, “Pagkatapos ang susunod kong tungkulin ay ang bayaran ang aking mga utang.” Sabi ko, “Sakitin ang tatay ko, at siya . . . At mayroon kaming . . . Sampu kaming magkakapatid sa pamilya.” Pero sabi ko, “Ako’y . . . Kung hindi man kita mabayaran ng higit sa dalawampu’t limang sentimos sa bayarin na ’yan, tuwing suweldo; kung hindi kita mabayaran kahit na dalawampu’t limang sentimos, dadaan ako at sasabihin ko sa iyo ang tungkol dito. Sasabihin ko sa iyo, ‘Ako—ako—hindi ko pa ito magagawa sa ngayon.’” Ngayon, sa tulong ng Diyos, nabayaran ko na ang lahat-lahat ng iyon. Kita n’yo? Pero iyon ang ibig kong sabihin, kita n’yo? Basta huwag lang ’yung sabihin ng iba . . .

14 Oh, isang Cristiano dito sa iglesya minsan ang lumabas at may trabahong ipinagawa dito sa isang sasakyan, at dumating ’yung tao . . . Sabi ng lalaki, “Babayaran kita. Sumasahod ako nang Sabado,” o parang ganyan. At hindi niya siya talaga binayaran. At linggo-linggo ang nagdaan, at hindi siya binayaran, wala man lang sinabi. At—at nagpunta ’yung tao at tinanong ako, sabi niya . . . Kita n’yo, nagpapakita ito ng di maganda tungkol sa iglesya. Nagpapakita ito ng di maganda tungkol kay Cristo.

Kung hindi mo siya kayang bayaran, puntahan mo’t sabihin sa kanya, sabihin, “May utang ako sa iyo, at magbabayad ako sa iyo. Isa akong Cristiano, pero ako—ako’y talagang . . . Hindi ko pa ito magagawa sa ngayon, kailangan kong . . . Utang ko ito.” At, alalahanin, nakalista din ito sa mga aklat ng Diyos, alam n’yo, na ginagawa mo ’yan. Kaya iya’y . . . Sinisikap ko na, para sa sarili ko at para sa ating lahat na sama-sama, sikapin na

maging handa, sapagkat alam natin na nalalapit na tayo sa isang bagay, napakalapit na sa isang bagay na magaganap. Kaya nais nating maging handa. Kung kailan ang Pagparito ng Panginoon ay napakalapit na ngayon, nais nating maging handa para sa dakilang oras na iyon.

15 Ngayon nais nating maging handa at mangusap na ngayon tungkol sa isang munting paksa dito na pinili ko para sa umagang ito, sa tulong ng Panginoon. At mangungusap tayo sa pinakamaikling makakaya natin, dahil sa mga nakakonektang mga tao. Inaasahan kong mayroon kayong lahat na isang. . . lahat sa buong bansa, mayroong isang magandang umaga gaya ng mayroon kami dito sa Indiana. Mainam, malamig, na magandang panahong mayroon kami ngayon mula noong umulan. At napakaganda nito.

16 Ngayon nais kong bumasa mula sa Aklat ng Mga Hebreo, sa ika-1 kabanata; at mula sa Aklat ni San Juan, sa ika-1 kabanata. Mga Hebreo 1:1 hanggang 3, at San Juan 1:1, para sa isang teksto. Ang paksa ko ngayong umaga ay isang pag-aaral sa Mga Kasulatan. Basahin natin ngayon ang Mga Hebreo 1:1.

> *Ang Dios, na nagsalita nang unang* panahon *sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon. . .iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta,*
>
> Ngunit *nagsalita* sa *atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang* sanlibutan;
>
> *Palibhasa* ay *siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at. . .tunay na larawan ng kaniyang pagka-Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan;*

Isang napakagandang babasahin! Ngayon San Juan 1:1.

> N*ang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios.*

17 Ngayon, at ang teksto ko ngayong umaga ay: *Si Cristo Ay Nahahayag Sa Kanyang Sariling Salita*. Ngayon, kung saan ako dumating sa pasya na mangusap patungkol dito, ay dahil sa. . . Nalalaman na kung ano ang sinasabi natin ay hindi lamang natin dapat sabihin dahil nagkatipon tayong magkakasama para lang mangusap nang basta-basta tungkol sa anumang bagay, kundi ito'y isang bagay na makakatulong sa pagpapatatag sa mga tao, sapagkat daraan tayo sa isang mapanganib, mapanlinlang na mga tubig. Naglalayag na tayo sa kanila. At minsan sa palagay ko'y ganoon ito sa inyo na gaya nito sa akin, na para bang, karamihan nito, ay talagang nakakatakot ito.

18 Kakakausap ko lamang sa isang batang ministro at sa kanyang asawa, sa silid, ilang sandali pa lamang ang nakakalipas. At pareho silang ninenerbiyos na gaya ng lahat ng iba pa sa mundo, gaya ng lahat ng iba pang mga tao sa lupa. Sabi ko, “Tandaan, may isang suntok si Satanas na papatama na sa inyo.” Walang sino-sino kahit sino ka pa, ang Diyos. . . Mayroon siyang karapatan para sa isang suntok na iyan. Alin ba ang mas pipiliin mo, sa suntok na iyan; ang mabulag, o ang maging may sakit na arthritis na nakaupo sa isang silya, o ang maging nerbiyoso? Kita n’yo? Mayroon siyang kung saan man na kaya niya kayong suntukin. Mayroon siyang karapatan sa bukas na bahaging ’yan. Ngayon, iyan ang bahagi na dapat ninyong panatilihing natatakpan sa lahat ng oras. At ang makita itong nakakanerbiyos na panahong kinabubuhayan natin!

19 At ang mga teyp noong nakaraang linggo, sa palagay ko, ay ihahayag sa inyo ang lubhang nakapangingilabot na mga bagay na ipangungusap natin isa sa mga araw na ito kapag nakakuha na tayo ng sapat na lugar, patungkol sa pagbubukas niyaong huling mga salot na ibubuhos sa ibabaw ng lupa, yaong mga Mangkok, pala, ang pagbubuhos ng mga Mangkok, at ang Pitong Kulog, at ’yung mga nakapangingilabot na tanawing darating sa ibabaw ng lupa. Ang tao ngayon, at mga tao sa panahong ito, ay nasa isang pagkanerbiyos na kalagayan; ang buong mundo!

20 Basahin ninyo ang *Reader’s Digest* nitong nakaraang buwan, mapapansin ninyo ang paksa doon; ito’y patungkol kay Billy Graham, ang dakilang ebanghelista. Lubos siyang nahapo na hindi na niya magawang idaos ang kanyang mga pagtitipon, at siya—nagpunta siya sa Mayo’s clinic para sa isang pisikal na pagsusuri. Wala namang problema sa kanya, ’yun nga lang hindi siya gaanong makagawa nang husto. At pinapatakbo nila siya; pisikal na ehersisyo. Tumatakbo siya ng isang milya araw-araw.

At saka sabi pa ng artikulo na napatunayan na ng agham ngayon, na ang mga bata pa, itong mga munting batang lalaki at babae, “ay sumasapit sa kanilang kalagitnaang gulang sa edad na dalawampung taon.” At pagsapit ng dalawampu’t lima, kadalasan, sa maraming kaso, ang mga batang babae ay nagme-menopause na, sa edad na dalawampu’t lima.

Hindi ko alam kung alam ninyo ito o hindi, pero mga ilang gabi na ang nakakaraan habang ang Espiritu Santo ay nangungusap dito sa pagtitipon, isang munting babae ang nakaupo dito, na iyon mismo ang problema doon sa bata nang tawagin ito. Tiningnan ko siya nang ikalawang beses, tiningnan muli, at nakita ko kung ano ang problema. Naisip ko, “Hindi maaari ito; napakabata pa ng batang ’yan.” Pero menopause nga iyon, mga nasa dalawampung taong gulang, dalawampu’t tatlo, parang ganyan. Kita n’yo?

21 Ang nanay ko at nanay n'yo ay dumating sa ganyang edad ng mga apatnapu't lima hanggang limampu. Dumating sa panahon na iyan ang asawa ko ng mga tatlumpu't lima. Ngayon bumaba na ito sa dalawampu. Bulok na ang buong sangkatauhan. Buweno, kung iyang pisikal na katauhan ng ating katawan ay nasisira nang gaya niyan mula sa pagkain ng mga pagkaing hybrid, mga pagkabahala, na siyang bumubulok dito, hindi ba niyan pinabubulok din ang selula ng utak? Kung gayo'y nakikita natin kung paanong nakapaglalakad sa lansangan ang mga kababaihan, nang nakahubad. Nakikita natin kung paanong sila'y nakapagpapatakbo sa—sa mga lansangan ng isang daan at dalampung milya kada oras, lahat na ng mga bagay na ito. Dumating na ito sa isang punto kung saan ang buong bansa, ang buong mundo, hindi lamang ang bansang ito, kundi sa lahat na ng dako, ay wala na sa katinuan.

22 At pagkatapos kapag binuksan na natin ang mga iyon, kung loloobin ng Panginoon, ang patungkol sa Pitong Mangkok na iyon at ipakita 'yung mga nakapanghihilakbot na mga bagay. Magiging lubos nang baliw ang mga tao, pagkatapos ng ilang panahon, hanggang sa aakalain na nila na nakakakita sila ng mga langgam na kasinglaki ng isang bundok. Papagdudusahin nito ang mga kababaihan; magkakabalang sa ibabaw ng lupa, na may mahahabang buhok, para papagdusahin ang mga kababaihang nagpapaputol ng sa kanila; buhok na gaya ng sa mga babae, na nakalugay; at mahahabang mga pangil, na tila leon; mga pangtibo na nasa kanilang buntot, gaya ng isang alakdan, at—at iba pa, upang papagdusahin ang mga tao sa ibabaw ng lupa. Ngunit sa panahong iyon magiging huli na para gumawa pa ng anuman tungkol dito. Magpakatuwid na kayo ngayon. Kita n'yo? Pagpapahirap!

23 At noong nakaraang Linggo nang tinatalakay na natin ang mga pag-inog na iyon, tungkol sa kung paano ang limang pandama sa panlabas na bahaging pantao. Iyon ang pasukan, ang limang pandama sa katawan. Mayroon lamang isang paraan na maaari kang makapasok sa katawan, 'yan ay sa pamamagitan niyaong limang pandama: paningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy, at pandinig. Wala nang iba pang paraan na makaugnay ang—ang katawan.

24 Doon sa loob ng tao na 'yon ay may isang taong tinatawag na espiritu, at mayroon siyang limang pandama: pag-iisip, isipan . . . at isipan, at pag-ibig, at konsensya, at iba pa. Buweno.

25 Ngayon, hindi ka makakapag-isip sa pamamagitan ng iyong katawan. Nag-iisip ka sa pamamagitan ng iyong isipan. At doon ay kung saan napakarami, sa mga Cristiano, ang humihinto na. At maaari silang, gaya na lang ng mais sa parang at ng damo sa parang, maaari silang mapahiran ng siya ring Espiritu Santo na ipinahid sa tunay na mananampalataya.

Pero doon sa loob niyaon, ng kasunod na bahaging pantao, sa ikatlong bahaging pantao, ay ang kaluluwa; at 'yan ay itinalaga ng Diyos. Doon ay kung saan nakahimlay ang tunay na binhing-punla, ay sa loob doon.

26 At, alalahanin, kung kukuha ako ng amorseko at buksan ito, ipasok sa loob nito ang ubod ng isang—ng isang trigo at ilagay ito doon, ibaon ito, magpapalitaw ito ng trigo mula sa amorseko; kahit ano pa man ang nasa labas, kung ano pa man ang mga emosyon.

27 Ngayon, lubos nang nalilito tungkol sa ebidensiya ng Banal na Espiritu, at iba pa. Kayang gayahin ni Satanas ang anumang uri ng kaloob na mayroon ang Diyos, pero hindi niya kayang dalhin ang Salitang iyan, Salita sa Salita. Diyan siya nabigo sa halamanan ng Eden. Diyan siya noon pa nabibigo lagi. Doon kung saan sila, ang teyp tungkol sa "bulaan, na mga pinahiran," o mga pinahiran; maaari silang mapahiran ng Espiritu, magsalita sa iba't ibang wika, magsayaw, sumigaw, mangaral ng Ebanghelyo, at diablo pa rin.

Ang nasa loob iyon! Ngayon alalahanin, sinabi ni Jesus, "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin. Walang taong makalalapit malibang ilapit muna siya ng Aking Ama."

Ngayon, natalakay natin sa aralin, upang ipakita na sa... Ikaw ay nasa iyong pinaka kanunu-nunu-nunu-nunuan, noong-noon pa, kung pag-uusapan sa pisikal. Kaya, ganyan ka sa pisikal na kalagayan, sa kalikasan. Minsan isisilang ang isang bata sa isang pamilya, na pula ang buhok. Ipagtataka ito ng ama, sapagkat wala siyang kilala, sa kanyang angkan, na pula ang buhok, o sa ina. Pero kung babalikan mo ang ilang mga henerasyon, matutuklasan mo na may isa noon na pula ang buhok. Patuloy na lumilitaw ang binhi na iyon, at lumilitaw ka sa kalikasan ng isa mula sa nakaraan.

Gaya ng sinabi sa Mga Hebreo sa ika-7 kabanata, na, "Si Melquisedec, nagbigay si Abraham ng ikasampung bahagi sa Kanya nang siya'y pabalik noon galing sa paglipol sa naturang mga hari. At si Levi, na tumanggap noon ng ikasampung bahagi, ay nagbigay ng ikasampung bahagi," sapagkat nasa balakang na siya noon ni Melquisedec sa... o, "sa balakang ni Abraham," pala, nang salubungin siya ni Melquisedec.

28 Ngayon gayun ding bagay ito. Kung isa kang anak ng Diyos, at kung isa akong anak na lalaki ng Diyos, o isang anak na babae ng Diyos, nasa Diyos na tayo sa pasimula pa lang. At nang si Jesus ay maging kapuspusan ng Salita, kung magkagayo'y nasa Kanya na tayo noon, sa anyong binhi. Nang ipako Siya sa krus, ipinako tayo sa krus sa Kanyang katawan. Nang bumangon Siya mula sa mga patay, bumangon tayong kasama Niya. At ngayon, dahil sa nakilala na natin ito, "nakaupo tayo ngayong kasama

Niya, sa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus." Kita n'yo? Sapagkat Siya. . . Tayo, kung tayo'y mga anak na lalaki't babae ng Diyos, mga anak tayo ng Diyos, kung gayo'y mga katangian tayo ng Diyos. Kung ganoon tayo ay. . . mayroong Buhay na Walang Hanggan. At tanging ang Diyos lamang ang Buhay na Walang Hanggan. Kung gayon, nasa Kanya na tayo mula pa sa pasimula. At nang si Jesus ay maging kabuuan niyaong Salita, kung gayon tayo ay isang bahagi na Niya noon. Amen! Hayan na. Naroon iyon, walang diablo, walang mga kapangyarihan, walang anumang bagay na makatitinag dito. Iyan ang saligan ng kaluluwa.

29 Maaari kang mapahiran sa labas *dito*, sa espiritung ito, at hangarin, at gawin ang lahat ng ibang mga bagay na ito. Subalit pagdating na sa saligan na ito sa Salitang iyan, hinding-hindi ka na matitinag mula doon. Hahawak ito nang matatag at totoo, sa Salitang iyon, nang lubos. Maliban diyan, kahit ano pa ang gawin mo, ligaw ka pa rin.

30 Ang Kapanahunang iyon ng Iglesyang Laodicea, "ay hubad, bulag, maralita; ni hindi nga ito nalalaman." Kita n'yo, doon ito'y. . . Ito 'yung pinahiran, pinahiran ng tunay na Espiritu. Kita n'yo, maaaring bumaba ang Espiritu Santo na iyon sa isang tao, sa kanyang espiritu. Ngunit ang kanyang kaluluwa ay ang kanyang binhi; ang binhing 'yan ay ang Salita. Kita n'yo? At paano man. . . Wala akong pakialam kahit na gaano ka pa mangaral, gaano mo pa kahusay gawin ang *ganito*, at gaano ka pa magmahal; isa 'yan sa mga pasukan sa espiritu. Hindi mo magagawang magmahal sa pamamagitan ng iyong katawan; nagmamahal ka sa pamamagitan ng iyong espiritu. Isa 'yan sa mga pasukan. At magagawa mong magmahal, at ibigin maging ang Diyos, at hindi pa rin maging tama. Magagawa mong magpalayas ng mga demonyo, at mangaral, at gawin ang mga bagay na ito; hindi pa rin maging tama. Sinabi nga ni Jesus, sinabing marami ang magsisilapit sa araw na 'yon. Ang Salitang iyan ang nagpatibay dito!

> *Nang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios.*
>
> *At* nagkatawang *tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin,. . .*

31 Pansinin, mangungusap ako tungkol sa paksang ito sa Biblia, tungkol sa, *Si Cristong Nahahayag Sa Kanyang Sariling Salita*. Kung saan ko nakuha ang konklusyong ito, ay sa aking kuwarto.

Isang malapit na tao, na nakaupo marahil dito ngayong umaga. . . Mayroon akong isang larawang nakasabit doon sa aking aralan, isa iyong larawan na gawa ni Hofmann na *Ulo ni Cristo*, na kasama sa nakasulat na Beatitudes. At doon mismo kung saan mapapadako ka sa lugar na gaya ng kailangan mo ng isang bahagi ng buhok, medyo mas diniinan nila 'yung pluma

sa pagdaan ninyo sa parteng iyon. Doon, naroon Siya, nasa Kanyang Salita, nakatanaw mismo; si Cristo na nasa Beatitudes. May isa, kung sino man ito, nagpapasalamat ako sa iyo para dito.

At may isang nagdala sa larawang 'yon at inilagay iyon doon sa aralan ko, patungkol kay Elias na pumapaitaas sa isang karwaheng apoy. Ikinagagalak namin ang mga bagay na ito. Kadalasan, sa maraming tao, sadyang di ako nagkakaroon ng pagkakataon na makapagsalita at sabihin ang mga bagay na ito, ngunit nakikita ko iyon, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Ako—alam ko iyon, at alam iyon ng Diyos.

32 Ngayon ako'y mangungusap tungkol sa paksang ito na: *Si Cristong Nahahayag Sa Kanyang Sariling Salita*. Kung paanong, sa Beatitudes, ay naroon ang larawan ni Cristo, naroroon mismo, parang nga. Doon ko naisip ang tungkol sa paksang ito. Ngayon, si Cristo at ang Salita ay iisa. Kita n'yo?

33 Sabi nila, "Paanong ang Biblia . . .?" Sinasabi ng mga tao. Kasama kong nagbibiyahe ang isang lalaki di pa katagalan. Sabi niya, "Isipin mo nga iyon. Tayo na naririto sa lupa, sa kung ano tayo, at ang alam lang natin o ang masasabi lang natin ay naligtas tayo sa pamamagitan ng isang Judiong alamat na tinatawag na Biblia."

34 Sabi ko, "Ginoo, hindi ko alam kung paano mo nasasabi 'yan, pero hindi ako naniniwala na isa itong alamat ng mga Judio," sabi ko.

Sabi niya, "Buweno, nananalangin ka, sa ano ka dumadalangin? Humiling ako ng *ganito-at-ganyan* at ng naturang mga bagay; hindi ko naman nakuha iyon."

35 Sabi ko, "Mali kang manalangin. Hindi tayo dapat manalangin na mabago ang isip ng Diyos; dapat tayong manalangin na mabago ang isip natin. Hindi na kailangan ng anumang pagbabago ang isip ng Diyos. Kita n'yo? Kita n'yo, tama ito." Sabi ko, "Hindi ang kung ano ang ipinanalangin mo . . ."

May kilala akong isang Katolikong kabataang lalaki, minsan, na mayroong aklat ng panalangin, na nagsasambit ng mga panalangin, at para mabuhay ang kanyang ina. At namatay ito, at inihagis niya ang naturang aklat ng panalangin sa apoy. Buweno, kita n'yo, hindi ako umaayon sa aklat na 'yon ng panalangin; pero, gayun pa man, kita n'yo, nasa mali kayong asal. Pinipilit n'yo kasing sabihin sa Diyos kung ano ang gagawin.

Ang panalangin dapat ay, "Panginoon, baguhin Mo po ako upang umangkop sa Iyong Salita." Hindi 'yung, "Baguhin," hindi 'yung, "hayaan Mo pong baguhin ko ang isip Mo. Baguhin Mo po ang isip ko." Kita n'yo? "Baguhin Mo po ang isip ko ayon sa kalooban Mo. At nakasulat ang Iyong kalooban dito sa Aklat. At, Panginoon, huwag—huwag Mo po akong hayaang humayo

hanggang sa magawa Mo po muna na ang aking—aking isip ay sadyang matulad na sa Iyong isip. At kung gayon kapag nakaayos na po ang isip ko na gaya na ng sa isip Mo, kung gayo'y sasampalataya ako sa bawat Salita na isinulat Mo. At sinabi Mo po, doon, na pinaglalakip-lakip Mong 'gumagawa ang lahat ng bagay sa ikabubuti' nila na mga nagsisiibig sa Iyo. At mahal Kita, Panginoon. Nagkakalakip-lakip na itong gumagawa para sa ikabubuti."

36 Kagagaling ko lang sa probinsiya nitong linggo, na nakituloy sa ilang napakalalapit na mga kaibigan. Tinanong ko ang ilan sa kanila sa lamesa, kahapon, noong kumakain kami. Lagi kaming nauupong paikot at nagkakaroon ng isang munting . . . tulad ng isang munting pag-aaral sa Biblia. Pinag-uusapan namin ang tungkol sa pag-ibig.

At may isang tao na nagsabi sa akin, sabi niya, "Palagay ko anticristo ka."

37 Sabi ko, "Kung magiging kalugud-lugod 'yan sa aking Panginoon, iyan ang nais kong maging. Nais kong maging anuman na nais Niya akong maging. Mahal ko Siya. At kung itapon man Niya ako sa impiyerno, mamahalin ko pa rin Siya, kung paroroon ako sa siya ring espiritu na mayroon ako ngayon." Tiningnan niya ako na tila ba kakaiba.

Nakita ko ang apat o lima sa kanila doon, mga bata pang lalaki, mga bata pang asawang babae, mabubuting mga babae. Alam ko kung gaano kamahal ng mga bata pang lalaking iyon ang kanilang mga asawa, kaya sinabi ko sa kanila, sabi ko, "Heto ang paraan upang masubukan ito. Kung ang maybahay ninyo, bago kayo ikinasal . . . Ngayon, balikan ninyo, halimbawa ikaw . . . itong buhay may-asawa, matagal ka nang nananaginip na ikinasal na kayo; hindi pa talaga kayo kasal, ngunit napanaginipan mo na ikinasal na nga kayo. At nagising ka, at pinuntahan mo at sinabi iyon sa kasintahan mo, at sabi mo, 'Alam mo, napanaginipan ko na kasal na tayo, at may mga anak na tayo. Namumuhay tayong masaya, at—at naghihintay sa Pagdating ng Panginoon, at lahat na.' At pagkatapos ay sasabihin sa iyo nitong dalaga, 'Alam mo, may mahal akong ibang lalaki na higit kaysa sa pagmamahal ko sa iyo. Mas magiging masaya ako doon sa lalaking iyon.' Magagawa mo ba, mula sa puso mo, na mahalin siya nang sapat para masabing, 'Manatili sa iyo ang basbas ng Diyos, mahal ko. Sumama ka sa lalaking ito'?"

Ngayon, suriin 'yan ngayon, bawat isa sa inyo na mga kalalakihan o sa inyo na mga kababaihan. Kita n'yo? Buweno, kung tama ang pag-ibig mo, gagawin mo iyan, sapagkat interesado ka sa kapakanan niya. Ano, alam mong maaari siyang mapasaiyo, maaari mo siyang makasama, ikaw . . . Asawa mo siya; siya'y magiging ganun nga. Pakakasalan ka niya, pero hindi

siya magiging masaya. Mas magiging masaya pa siya kung . . . At saka, kung mahal mo siya, kung gayo'y nais mo siyang maging masaya.

Kung gayon, anuman ang kalooban ng Diyos, hayaang maganap ang kalooban ng Diyos, masaya man ako dito o hindi. Nais kong mabuhay nang sa gayon ay malugod Siya sa kung ano ang ginagawa ko. Samakatuwid ay suriin mo ang iyong—iyong layunin at ang iyong motibo sa pamamagitan niyan; malalaman mo kung mahal mo nga ba ang Diyos o hindi.

Paano kung sabihin Niya, "Paglilingkuran mo ba Ako kung itatakuwil Kita?"

"Mahal Kita, gayon pa man."

38 Kaya nga, kung makikita iyan ng mga iglesya at kayang sampalatayanan ito sa ganyang paraan, hindi ito magiging isa na sinusubukang haltakin ang bola ng football mula doon sa isa pa gayong tumatakbo na na hawak nito iyon. Proprotektahan pa nito ang isang iyon. Kita n'yo? Kapag, tunay na totoong motibo at layunin, hindi isa na sinisikap sabihin, "Hoy, mayroon din ako *nito*! Ako, *ganito* ako, *ganito*." Kita n'yo, hindi magagamit ng Diyos ang naturang tao. Mayroong napakaraming panggagayang nakasunod dito, at iyan si Satanas. At hindi 'yan mapagtanto ng mga tao. Sinisikap nilang agawin ang bola mula doon sa taong binigyan nito. Hayaang magpalitaw ang Diyos ng isang ministeryo at tingnan n'yo kung gaano karami ang humahabol dito. Kita n'yo? Kita n'yo?

39 Ngayon, ang dalisay na pag-ibig para sa Diyos, "Ano man po ang bahagi ko, Panginoon, kung magagawa ko lamang magsalita ng isang salita para Dito, tumulong na protektahan Ito, hayaang gawin ko po iyan." Kita n'yo?

Magiging ganyang bagay rin sa asawa ninyo. Kung totoong mahal n'yo siya, kita n'yo, hindi ito isang—hindi ito isang—isang pag-ibig na *phileo*; ito'y isang pag-ibig na *Agapao*, isang dalisay na pag-ibig. Mabubuhay siya kasama ng iba, nang mas masaya; hindi pa kayo kasal ha, siyempre, hindi ninyo magagawa 'yon.

40 At, siya nga pala, sa mga taong nakikinig dito sa mga teyp. Ang ilan, napakarami, ang sumusulat, sabi, "Aba, sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, sinabi mo ang *ganito* at sinabi mo ang *ganyan*." Sinabi ko na iyan nang napakaraming beses na; para lamang ang mga teyp na ito sa . . . Nangungusap ako sa kongregasyon ko, kapatid. Wala akong pananagutan sa kung ano ang ibinigay sa inyo ng Diyos na pastulan; may pananagutan ako sa kung anong uri ng Pagkain ang ipinapakain ko sa mga taong ito. Para lamang ito sa tabernakulong ito. Kita n'yo? Ngayon, kung gustong makinig ng mga tao sa naturang mga teyp, nasa kanila na 'yan. Ngunit nangungusap ako sa kung ano ang ibinigay sa akin ng Diyos. Iyon ay ang mga kasalanan nila na inalis na.

May isang sumulat, at sinabi, "Buweno, ginawa ko ang *ganito* at ginawa ko ang *ganoon*. Sinabi mo na ang kasalanan namin . . . " Ako—hindi ko sinabi 'yan.

Ang sabi ko, "Tingnan n'yo ito sa ganito; para lamang ito dito sa mga tao rito, sa mga tao dito sa tabernakulo, ang sarili kong kawan." Ngayon, kung nais ng mga tao na mag-hybrid ng pagkain at mga ganung bagay riyan, kayo—kunin ninyo ang kapahayagan mula sa Diyos at gawin kung ano ang sinasabi sa inyo ng Diyos na gawin. Gagawin ko rin ang gayong bagay. Ngunit ang Mga Mensahe na ito ay para sa iglesyang ito.

41 Pansinin ngayon, balikan natin, dapat mayroon tayong isang bagay o kung anong iba pa na mapanghahawakan natin. May isang bagay na kailangang maging saligan, sa iba pang salita, ito'y isang pinaka-ultimo. At dapat magkaroon ang bawat isa ng isang pinaka-ultimo o isang pinaka-saligan. Ipinangaral ko na ito minsan, mga taon na ang nakakaraan, tungkol sa isang pinaka-saligan, isang dako na siyang pangwakas na salita.

42 Gaya ng umpire sa larong baseball, kapag sinabi niya na isa itong strike, tiyak nga na ganyan ito. Kahit paano n'yo pa ito nakita, sinabi na ng umpire na isa itong strike. Sabi mo, "Ako—ako—ako . . . Hindi iyon strike. Napunta ito . . . Nakita ko ang . . . " Maging ano pa man iyon, kapag sinabi niyang, "strike," 'yon na iyon, tapos na 'yon kung ano man. Siya, siya ang pinaka-ultimo.

43 At ang ilaw trapiko ay isang pinaka-ultimo, kung sinasabi nito, "magpatuloy." Sasabihin mo, "Buweno, ako, nagmamadali ako, mayroon akong . . . " Hindi, hindi. Sinasabi nito, "Manatili kang nakahinto habang ang iba ay dumadaan." Kita n'yo? Ito ang pinaka-ultimo.

44 Ngayon, dapat mayroong pinaka-ultimo sa lahat ng bagay na ginagawa mo. Kinailangang mayroong pinaka-ultimo nang piliin mo ang iyong asawa. Kinailangang mayroong isang babae na kinailangan mong piliin.

45 Ngayon, siguradong mayroong isang panahon kung saan, kapag bibili ka ng isang kotse, anong uri ng pinaka-ultimo ang gagamitin mo. Ito ba ay Ford, Chevy, Plymouth, kotseng gawa sa ibang bansa, anuman ito, dapat mayroon kang pinaka-ultimo.

At ganoon din ito sa pamumuhay Cristiano. Kailangang mayroong pinaka-ultimo.

46 Ngayon, kung sinabi ng isang lalaki, nagpunta sa isa pang lalaki at sinabi . . . may narinig siyang nagsasabing, "Buweno, dapat kang mabautismuhan," at itong lalaki naman ay talagang hindi pa . . . Marahil, ang kanyang, isang iglesya na hindi nagbabautismo, nagwiwisik lang sila. Sa palagay ko, sabihin nang halimbawa, ang Methodist, nagbabautismo naman sila kung hiniling ito, sa pagkaunawa ko. O marahil ang . . . Isang Katoliko, sa palagay ko'y nagwiwisik lamang sila. Kaya

kung gayon kung—kung nakarinig ang isang tao ng isang bagay tungkol sa "paglulubog sa tubig," buweno, hindi niya nauunawaan 'yon; pinalaki siyang Katoliko. Kaya pumunta siya sa pari, at sinabi, "Padre, ang intindi ko po ay dapat mabautismuhan tayo sa pamamagitan ng paglulubog. Ano po ba'ng sinasabi ng iglesya natin tungkol diyan?"

47 "Aba, sinasabi nito na—na dapat tayong wisikan." Kung ang iglesyang 'yon ay ang kanyang pinaka-ultimo, 'yon na iyon. Tapos na lahat ng alitan; ganoon ang sinabi ng iglesya, at 'yon lang.

48 Paano kung ang. . .kung isang kapatid na Baptist ang nakarinig na sinabi natin na naniniwala tayo sa pagbabautismo sa pamamagitan ng "paglulubog"? Sasabihin niya, "Naniniwala ako diyan."

"At sa Pangalan ni 'Jesus Cristo.'"

Ngayon, itong—itong kasapi ng iglesya ay babalik sa pastor at sasabihin, "Pastor, narinig kong sinabi sa akin ng isang tao na dapat daw tayong bautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog, siyanga, pero sa Pangalan ni 'Jesus Cristo.'"

49 "Buweno," sasabihin naman nito, "ngayon, tingnan natin. Aba, sinasabi dito ng aklat na dapat tayong mabautismuhan gamit ang 'Ama, Anak, Banal na Espiritu.'" Kung ang iglesyang iyon ang pinaka-ultimo, 'yon na iyon. Wala siyang pakialam kahit ano pa ang sabihin ng iba; iyon na ang pinaka-ultimo niya.

50 Buweno, bawat denominasyon ay isang pinaka-ultimo sa mga mananampalataya nila.

Ngunit, para sa akin, at sa bawat isa na inaasahan ko na inaakay ko kay Cristo, at sa pamamagitan ni Cristo, ang Biblia ang aming pinaka-ultimo. Kahit ano pa. . .Sapagkat, sinabi ng Diyos, "Hayaang maging kasinungalingan ang salita ng bawat tao, at ang sa Akin ay Katotohanan." At naniniwala ako na ang Biblia ang pinaka-ultimo ng Diyos. Maging ano pa man ang sabihin ng iba; Ito ang pinaka-ultimo.

Ang Biblia ay hindi aklat ng mga sistema. Hindi, po. Hindi Ito isang aklat ng mga sistema, ni isang alituntuning moral. Ang Biblia ay hindi isang aklat ng mga sistema, napakaraming sistema, at iba pa. Hindi, po. Hindi ito isang aklat na pang-moralidad. Hindi, talaga. Hindi ito ganun. Ni hindi rin Ito isang aklat ng kasaysayan, lahat na. O, ni hindi rin Ito aklat ng teolohiya. Sapagkat, Ito ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo.

Ngayon kung nais ninyong basahin 'yan, kayo na mayroong mga papel ninyo, na isinusulat ito, 'yon ay Apocalipsis 1:1 hanggang 3, na, ang Biblia ay "ang Kapahayagan ni Jesus Cristo."

51 Basahin lang natin ito habang may oras tayo. Sa palagay ko ang aking. . .wala akong masyadong maraming mga tala

dito upang ipangusap. Kung magtatagal pa ang Panginoon, aba, sisikapin nating kumuha pa sa mga ito.

> *Ang Apocalipsis ni Jesus Cristo, na ibinigay ng Dios sa kaniya, upang ipahayag sa kaniyang mga alipin sa makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali; at kaniyang ipinadala at* ipinaalam *sa pamamagitan ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan:*
>
> *Na sumaksi sa salita ng Dios, at . . . sa patotoo ni Jesus Cristo, at sa lahat ng mga bagay na nakita niya.*
>
> *Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng* salita ng *propesiya, at tumutupad sa mga bagay na nasusulat dito: sapagka't ang panaho'y malapit na.*

52 Kaya, ang Biblia ay ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo. At isinulat Ito sa pamamagitan ng mga propeta. Mga Hebreo 1:1, sa . . . "Ang Diyos, Na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon sa pamamagitan ng mga propeta, ay nagsasalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo," na siyang mga propeta, silang lahat, na pinagsama-sama. Si Jesus si Malakias; si Jesus si Jeremias, Isaias, Elias. Ang kabuuan kung ano sila noon, ay nasa Kanya. At ang kabuuan kung ano kayo, at ang buong ako, ay nasa Kanya; Mga Salita, mga saksi ng Salita.

Kaya hindi Ito isang aklat ng mga sistema, isang alituntunin ng etikang pangmoralidad, ni isa Itong aklat ng kasaysayan, o isang aklat ng teolohiya. Hindi Ito ganun. Kundi Ito'y isang kapahayagan ni Jesus Cristo, ang Diyos Mismo na nahayag, mula sa Salita tungo sa laman. Iyan ay kung ano Ito. Ang Biblia ay ang Salita, at ang Diyos ay ang naturang laman, ang Diyos na nasa . . . Ang Diyos ay ang Salita, pala, at si Jesus bilang ang laman. Ito ang kapahayagan, kung paanong ang Diyos (ang Salita) ay nahayag sa katawang tao, at nahayag sa atin. At 'yan ang dahilan kung bakit Siya ay naging Anak ng Diyos; bahagi Siya ng Diyos. Naunawaan n'yo ba? Ngayon, hindi Siya . . . Bahagi ng Diyos ang katawan, nang lubos na ito'y Anak.

53 Isang Anak, gaya nga ng sabi ng Katoliko tungkol dito, "Anak na Walang Hanggan," at ng lahat ng iba pang mga iglesya; ni wala ngang kabuluhan ang naturang salita. Kita n'yo? Hindi maaaring maging Walang Hanggan, at pagkatapos ay maging isang Anak, sapagkat ang isang *Anak* ay isang bagay na "isinilang." At ang salitang Walang Hanggan, hindi Siya maaaring maging Walang Hang- . . . Maaari Siyang maging isang Anak, subalit hindi Siya maaaring maging isang Anak na Walang Hanggan. Hindi, po. Hindi ito maaaring maging Anak na Walang Hanggan.

54 Ngayon, subalit Siya ang Anak, na lubos, na ang lahat ng Salita na noon ay na kay Jeremias, kay Moises, at lahat ng mga

Salitang 'yon, gaya ng sinabi Niya, "Nangusap sila patungkol sa Akin." Lahat niyaong tunay na Banal na kapahayagan ng Salita ay natipon sa isang katawang tao, at inanyuan Ito ng Diyos ng laman. Iyan ang dahilan kaya Siya tinawag na "Anak," dahilan kaya tumatawag Siyang, "Ama." Aba, ganoon lamang ito kasimple, kung hahayaan n'yo lang na ibuhos ito ng Diyos sa isip ninyo. Kita n'yo? Ang Diyos na nahayag sa isang katawang laman, pansinin, nahayag mula sa laman. . . o mula sa Salita tungo sa laman. Iya'y San Juan 1:14, "At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin."

55 Pansinin ngayon ang Bibliang ito. Sinabi ng ilan sa kanila, "Oh, buweno, ginawa Nito ito, ginawa Nito 'yan." Ngunit hayaang sabihin ko sa inyo ang isang bagay, atin lamang . . .

Dumako tayo sa kasaysayan ng Biblia, sa isang saglit lang, tingnan kung saan Ito nagbuhat. Isinulat Ito ng apatnapung iba't ibang manunulat. Apatnapung katao ang nagsulat ng Biblia, sa pagitan ng labing-anim na raang taong agwat, at sa magkakaibang panahon, inihuhula ang pinakamahahalagang mga pangyayari na naganap sa kasaysayan ng mundo, at, maraming beses, daan-daang taon bago pa iyon naganap. At wala ni isa mang pagkakamali sa kabuuan ng animnapu't anim na Mga Aklat. Oh, naku! Walang manunulat kundi ang Diyos lang Mismo ang makagagawa nang gayon katumpak. Wala ni isang Salita na sumasalungat sa isa pa.

Alalahanin, labing-anim na raang taon ang pagitan, naisulat ang Biblia, mula kay Moises hanggang sa—hanggang sa kamatayan ni—ni Juan sa isla, o sa Isla ng Patmos. Labing-anim na raang taon, at isinulat ng apatnapung iba't ibang manunulat; ni hindi nga kilala ng isa ang isa pa, at hindi pa nila Ito tinaglay noon bilang "ang Salita." Ni hindi nga nakita ng ilan sa kanila "ang Salita." Ngunit nang isulat nila Ito, at napag-unawa silang mga propeta, saka, nang kanilang pagsama-samahin ang kanilang mga propesiya, nagkatugma-tugma ang bawat isa sa kanila.

56 Tingnan si Pedro, na nagpahayag noong Araw ng Pentecostes, "Magsisi, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan."

Hindi kailanman nakarinig si Pablo ng anuman tungkol Dito. Nagtungo siya sa Arabia sa loob ng tatlong taon, upang pag-aralan ang Lumang Tipan, upang alamin kung Sino itong Haliging Apoy na nangusap sa kanya sa daan, sinasabing, "Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?" Paano nga siya mamamali? Ni hindi nga siya sumangguni sa iglesya man lang.

At matapos ang labing-apat na taon, nang makatagpo niya si Pedro, ipinangangaral nila ang iisang bagay, Salita sa Salita. Iyan ang Biblia natin. Hayaang mabigo ang mga salita ng

ibang tao. *Ito*, walang sinumang tao ang makapagdaragdag Dito. Hindi ka na nagdaragdag pa sa Biblia. Hindi, po. Ito na ang kumpletong Kapahayagan. Ito na lahat.

57 Gaya ng Pitong Tatak. "Ang Pitong Tatak," may isang patuloy na nagsasabi sa akin, "ngayon ika'y . . . Mangungusap ang Diyos sa iyo, Kapatid na Branham, kapag nahayag na ang mga Tatak na ito, at sasabihin sa amin kung paano higit na mapalapit pa sa Diyos, at kung paano iyon magagawa."

58 Sabi ko, "Hindi, ginoo, hindi ito maaari. Sapagkat, ang Biblia, ang Pitong Tatak Dito ay itinago ang pitong hiwaga. Naisulat na Ito, ngunit hindi nila naunawaan kung ano Ito."

Masdan kung paano sila nagpakahirap alamin iyan, na nababautismuhan sa Pangalan ni "Jesus"; kita n'yo, hindi 'yan iyon. Sa Pangalan ng "Panginoong Jesus Cristo"! Tingnan ang lahat ng mga bagay na iyon, kung paano ito noon. Sapagkat, maraming mga Jesus; may ilan akong mga kaibigan dito sa mundo na "Jesus" ang pangalan, mga kaibigang ministro. Hindi ito 'yon. Ito'y ang ating "Panginoong Jesus Cristo."

Walang manunulat kundi ang Diyos lang ang maaaring maging ganap na tama. Ngayon tingnan lamang natin kung paano naisulat itong Biblia.

59 Ngayon, sabihin nang halimbawa, mula . . . Ano kaya kung pumunta tayo ngayon at kumuha ng animnapu't anim na aklat na pang-medisina na nakapatungkol sa katawan, na isinulat ng apatnapung magkakaibang paaralang pang-medisina, na isang daan at labing-anim . . . o labing-anim na raang taon ang pagitan? Ano na kayang uri ng tuluy-tuloy na pagka-walang-pagbabago ang makukuha natin?

Nang, si George Washington, na pangulo natin, mga dalawang daang taon na ang nakalilipas, dahil sa pulmonya, ay binunot nila ang kuko niya sa paa at pinadugo siya nang isang pint. Ano kaya kung kumuha tayo . . .

60 Dagdagan pa natin nang kaunti, patungkol sa ilang mga bagay na lubos nating pinagtutuunan ng pansin sa panahon ngayon, 'yan ang siyensiya. Ano kaya kung kumuha tayo ng apatnapung iba't ibang agham, mula sa mga agwat na labing-anim na raang taon, at tingnan kung ano kaya ang makikita nating kalalabasan? Isang siyentipikong Pranses, na tatlong daang taon na ang nakararaan, ay pinatunayan sa pamamagitan ng siyensiya, sa pagpapagulong ng isang bola, na, kung makukuha ang napakabilis na tulin na lagpas pa sa tatlumpung milya kada oras, lilisanin ng naturang bagay ang mundo at papailanlang. Sa palagay ba ninyo'y pagbabatayan pa 'yang muli ng siyensiya? May kahit anong tuluy-tuloy na pagka-walang-pagbabago pa rin ba ngayon diyan, gayung nagpapatakbo na sila sa lansangan, dito sa kalsada, nang isang daan at limampung milya kada oras? Kita n'yo? Ngunit

pinatunayan niya 'yan sa siyensiya, sa pamamagitan ng puwersa ng bolang gumugulong sa lupa, na sa bilis na tatlumpung milya kada oras, na, aangat ang anumang bagay mula sa lupa at lilipad, papailanlang ito sa kalawakan. Hindi, wala nang tuluy-tuloy na pagka-walang-pagbabago riyan.

61 Ngunit wala ni isa mang Salita sa Bibla ang sumasalungat sa isa pa. Wala ni isa mang propeta ang sumalungat sa isa pa. Sila, bawat isa, ay sakdal. At kapag dumating ang isa at nagpropesiya, at lumitaw ang tunay na propetang iyan at sinaway siya, kung gayo'y nahayag iyon. Kita n'yo? Kita n'yo? Kaya ang Biblia ay ang Salita ng Diyos, sa lahat ng mga tunay na mananampalataya.

62 Ngayon, wala kang makukuhang ganap na kawastuan sa kung anuman ang mapagkasunduan ng mga doktor. Ni hindi ka nga makakakuha sa kanila ng ganap na kawastuan ngayon. Hindi ka makakakuha ng ganap na kawastuan sa siyensiya ngayon.

Ngayon, alam ninyo, noong nakalipas na panahon, sinabi nila sa atin na ang. . .na, "Nang sabihin ng Biblia na 'nakita niya ang apat na Anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa,' na hindi maaari 'yan. Bilog ang mundo." Ngunit sinabi ng Biblia, "apat na sulok." Buweno, nakita n'yo na ngayon, noong nakaraang dalawang linggo, o nakaraang tatlong linggo, na ito ngayon, 'yung mga pahayagan na naglathala nitong artikulong ito, natuklasan nila na kuwadrado ang mundo. Ilan ang nakakita niyan? Aba, tiyak nga. Kita n'yo? Pinakopya ko lahat 'yon, naghihintay lang na may magsabi ng anuman.

63 At matutuklasan nila, balang-araw, na hindi rin isang daan at limampung milyong light years na distansiya ang nakikita nila. Paikut-ikot lang mismo sila sa paligid. Eksakto talaga 'yan.

Matutuklasan ninyo, isa sa mga araw na ito, na kapag napunta kayo sa Langit, hindi kayo lumilipad na patungo sa kung saang dako. Nandirito pa rin kayo, dito pa rin, nasa ibang dimensyon lamang na mas mabilis kaysa dito.

Sa silid mismong ito ay pumapasok ang kulay. Bawat kulay, kamiseta, bestida, anumang suot mo, ay Walang Hanggan, na naroroon mismo sa mga pagre-rekord, patuloy at patuloy na umiikot sa mundo. Sa tuwing ikukurap mo ang iyong mga mata, ito'y nakarekord mismo. Masdan n'yo, patutunayan iyan ng telebisyon.

64 Nang ipinanganak ka, nagbukas ng isang rekord ang Diyos. Hindi pa ito. . .Nag-uumpisa sa pagre-rekord, hindi pa naman ito umiingay nang masyado pansamantala, alam n'yo na. Iyan ang munting sanggol, hanggang sa umabot na ito sa gulang ng pananagutan; pagkatapos ay nagsisimula ang pag-iingay, nagsisimula na siya sa pagsasalita ng mga bagay at gumagawa ng mga bagay na kailangan niyang panagutan. At pagkatapos

kapag nagwakas na ang buhay na 'yan, ang rekord na iyon o teyp ay aalisin na at ilalagay sa—sa talagang napakalaking silid-aklatan ng Diyos. Ngayon, paano mo iyon maiiwasan doon sa Barandilya ng Paghatol? Ipapalabas Ito mismo sa harap mo, bawat kilos na ginawa mo, bawat kaisipan na dumaan sa isip mo. Nakikita n'yo ba iyon? Ngayon nakikita n'yo na ba kung saan ang Diyos . . .

65 Nakatayo dito, noong isang gabi, may isang tao dito noon sa entablado, matangkad, kalbo nang lalaki, totoong magandang lalaki, matipuno. At lumabas siya . . . Sinabi sa kanya ng Panginoon ang napakaraming bagay tungkol sa kanyang pamilya at kung ano ang dapat niyang gawin. At lumabas siya at naupo. Sa loob ng ilang minuto, narito't nakikita ko sa harapan ko ang isa pang lalaki na gaya niyaon, pero nakatungo ang kanyang ulo. Hindi ko matukoy, at tiningnan kong muli 'yung tao doon; at siya . . . Hindi siya 'yon, sapagkat iba pa ito. At itong lalaki, hindi ko iyon makita. Tumingin ako sa paligid, wala namang tao sa likuran ko. Sabi ko, "Nakaupo ang taong 'yon sa likod ng mga kurtinang 'yon." At iyon ay ang ating . . . isang kapatid na lalaki na dumadalo dito sa iglesya, na matangkad, kalbo, may kagandahang lalaki na nakaupo doon na gaya niyan. At nakatungo ang kanyang ulo, na nagdadasal, dahil mamamatay na siya sa sakit sa tiyan.

Bibili sana siya ng isang pares ng sapatos. Gusto ng asawa niya na bumili siya ng bagong pares ng sapatos. Sabi niya, "Hindi, hindi ko na kailangang magkaroon nito, dahil hindi naman ako mabubuhay na para maisuot pa ang mga iyon."

Mamamatay na siya noon. At nakaupo doon, nakita n'yo, doon sa dimensiyong iyon, aleluya, sadyang kumilos doon ang Diyos at sinabi, "Doon siya nakaupo," sa mismong pagka-puwesto niya noon. Nakita n'yo kung ano ang ibig kong sabihin?

66 Ngayon pansinin, at walang anumang pagkakamali sa Mga Kasulatan. Si Jesus, ang Salita ng Diyos, ay natatalastas ang pag-iisip na nasa puso. "Ang Salita ng Diyos ay higit na malakas, higit na matalas," Mga Hebreo 4:12. "Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas, higit na mabisa kaysa isang tabak na may dalawang talim, na kumikilala ng mga pag-iisip at mga haka ng kaisipan." Kita n'yo? Pumapasok mismo doon sa kaloob-looban ng kaisipan, at humahawi, at kumikilala. Ano ang *kumilala*? "Ipabatid, ihayag." At 'yan ang ginagawa ng Salita ng Diyos.

Sa kasalukuyang panahon sinasabi natin, "Ang iglesyang Katoliko ang Salita ng Diyos; ang mga Baptist, ang mga Methodist, ang Pentecostal, ang tabernakulo." Mali 'yan. Ang Salita ay ang kapahayagan; ang Diyos, na inihayag sa pamamagitan ng Salita.

67 Hindi, nakakuha sana tayo ng. . .makakuha ng anumang tuluy-tuloy na pagka-walang-pagbabago sa mga mediko, sa mga siyentipiko, sa iba't iba pa.

Kung ginamit lamang ni Einstein sa espirituwal na gamit, kung paanong mayroon siya sa—sa paggamit sa pisikal, sa pag-aaral niya sa mga batas ng liwanag, at iba pa, may nasabi na sana siyang bagay sa atin. Noong marinig ko ang mensahe niya tungkol sa napakalaking sentrong iyon sa kung saan sa kalangitan, na "Kung makakaugnay n'yo ang sentrong iyon, makalilikha kayo ng mga mundo, magagawa ang anuman, at magiging walang hangganan ang kapangyarihan." Kita n'yo? Nakita niya 'yon.

68 Nakita ninyo itong mga munting bilog na lumilipad sa ere, na tinatawag nilang "mga saucer," at iba pa. Ang mga tao'y lubhang. . .Iyan, buweno, mas mabuti pang hayaan na natin 'yan. "Narinig n'yo ba itong mga taong nawawala?" sasabihin ninyo. Wala nang balita sa kanila; nakatayo lang sila doon, at wala na sila doon.

Magiging ganyan din ang Pag-agaw. Ang isa sa kanila ay bababa mismo, at itong panlupang katawan ay papalitan ng isang makalangit na katawan. At ang mga ito ay. . .ang balat, buhok, o mga buto'y maiiwan na; mababago ito sa isang iglap, basta bumababa na lang mula sa kalawakan at kinukuha 'yan Pauwi. Nakikita nating nagaganap na ang lahat ng ito ngayon, at ang—at nagtataka ang Pentagon tungkol sa mga liwanag na ito, at mahiwagang mga liwanag, at lahat ng mga bagay na nakikita nila sa—sa langit. Nakita ninyong mayroon silang isa rito sa pahayagan sa Jeffersonville nitong linggo, at iba pa, "isang mahiwagang liwanag." Kaya, oh, hindi nila alam kung ano 'yon. Pero makinig, mga mumunting anak, kukuhanin kayo Nito pataas, isa sa mga araw na ito. Kita n'yo? Kita n'yo? Huwag kayong mag-alala.

Alalahanin, sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari noong panahon ng Sodoma."

69 Ano ang nangyari bago ang Sodoma? Bumaba ang Diyos kasama ang ilang Mga Anghel, at nagkaroon Sila ng pagsisiyasat ng paghatol. Sabi, "Narinig Ko ang daing, na ito'y lubhang makasalanan, napakatindi, kaya't bumaba Ako upang alamin kung katotohanan nga ba iyon o hindi." Tama ba? Pansinin ang nangungunang Isa na iyon na nanatiling kasama ni Abraham, nagagawang kilalanin ang mga pag-iisip na nasa puso ni Sarah, na nasa likod Niya.

Ngayon, tumingin lang kayo nang kaunti sa paligid at pansinin, tingnan, masdan kung ano ang ginagawa Nito, ang gayun ding bagay ngayon. Ito'y isang pagsisiyasat ng paghatol.

Aba, pagkatapos ng ilang panahon, ang Iglesya, kapag makapananatili na Ito sa ganyang kalagayan, at nadala na

ang bawat binhi sa lugar nito, mawawala na sila. Hindi nila malalaman kung ano na ang nangyari sa kanila. Magtutungo ang isa sa isang direksiyon. Kita n'yo? Magtutungo ang isa sa bahay ng pastor, at magtutungo naman ang isa *dito*, o banda *roon*, at, biglang malalaman mo na lang, wala na sila doon. Sapagkat si Enoc na siyang tipo, "Kinuha siya ng Diyos, at hindi na siya nakita." Bumaba upang mag-imbestiga! Ang tuluy-tuloy na pagka-walang-pagbabago, kung paanong ang pagkakalipat ni Enoc, ay isang tipo. Ng pagkakahatid sa Israel sa pamamagitan ng daong . . .

70 Napakasakdal, ang Salita ng Diyos ay napakasakdal, maging sa Luma at Bagong Tipan, ay dalawang kalahati at isang kabuuan. Tama 'yan. Kalahati Nito ang Lumang Tipan, at kalahati Nito ang Bagong Tipan; pagsamahin n'yo Ito, makukuha ninyo ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo. Naroon ang mga propeta na nangungusap, at heto na Siya sa Persona; kita n'yo, dalawang kalahati at isang kabuuan. Ngayon ayaw na nating gumugol ng labis . . .

71 Ngayon, alalahanin, hindi kumpleto ang Lumang Tipan kung wala ang Bago. At hindi makukumpleto ang Bago kung wala ang Luma. Iyan ang dahilan na sinabi kong dalawang kalahati, isang kabuuan. Sapagkat, sinabi ng mga propeta, "Mapaparito Siya! Mapaparito Siya! Mapaparito Siya; gagawin nila *ito* sa Kanya. Gagawin nila *ito* sa Kanya!" At heto na nga Siya, "Naparito Siya! Naparito Siya, at ginawa nga nila *ito* sa Kanya, at ginawa nga nila *ito* sa Kanya." Kapapangaral ko lamang tungkol diyan ilang gabi na ang nakakaraan.

72 Ngayon, upang mapag-aralan ang Kasulatan, sinabi ni Pablo kay Timoteo, "Pag-aralan Ito, na gumagamit na matuwid ng Salita ng Diyos, na siyang Katotohanan."

May tatlong dapat sa Biblia. Sa paggamit sa Salita ng Diyos, may tatlong bagay na hindi n'yo dapat gawin. Ngayon pag-aralan natin ang mga 'yan sa loob ng susunod na sampung minuto; tatlong bagay na hindi n'yo dapat gawin. At sa lahat ng nasa lupain, nasaan man kayo, sa buong bansa, siguraduhing tandaan ninyo ito sa inyong isipan kung wala kayong lapis. Hindi n'yo dapat gawin ang mga bagay na ito. Sinasabi namin tuwina sa inyo kung papaano n'yo dapat gawin, ngayo'y sasabihin ko sa inyo kung ano ang hindi n'yo dapat gawin.

73 Ngayon, hindi n'yo dapat *maipakahulugan nang mali* ang Salita. Sasabihin ninyo, "Buweno, naniniwala akong *ganito* ang ibig sabihin Nito." Ibig Nitong sabihin kung ano lamang ang sinasabi Nito. Hindi Nito kailangan ng tagapagpaliwanag. At hindi n'yo dapat *mailagay sa maling lugar* ang Salita. At hindi n'yo dapat *maialis sa lugar* ang Salita. At kung gagawin natin ang alin man sa mga ito, inilalagay nito ang buong Biblia sa kalituhan at sa kaguluhan.

74 Pansinin. Ang mapamali ka ng pagkaunawa kay Jesus, sa anyo ng Diyos na nasa tao, gagawin mo Siyang—gagawin mo Siyang isang Diyos na mula sa tatlo. Ang mapamali ka ng pagkaunawa kay Jesus Cristo bilang ang Salita, gagawin mo Siyang isang Diyos na mula sa tatlo, o gagawin mo Siyang ikalawang Persona sa Pagka-Diyos. At sa paggawa niyan, guguluhin mo ang buong Kasulatan. Kailanman ay wala kang patutunguhan. Kaya hindi Ito dapat maipakahulugan nang mali.

75 At kapag sinasabi mo na ang isang bagay, nagbibigay ka ng interpretasyon Dito, at ipinapatungkol mo Ito sa ibang panahon; o ipinatungkol na Ito sa ibang panahon, gumagawa ka rin ng maling pagpapakahulugan.

76 Kung sinuman ay mapamali ng pagkaunawa kay Jesus Cristo sa Biblia, na hindi bilang ang Siya Mismong Diyos, na ginagawa Siyang ikalawang Persona, o isang Diyos na mula sa tatlo, guguluhin nito ang bawat Salita sa buong Biblia. Lalabagin nito ang unang kautusan, "Hindi ka magkakaroon ng ibang diyos maliban sa Akin." Siyanga. Gagawin nito ang buong lahing Cristiano na isang pulutong ng mga sumasambang pagano na sumasamba sa tatlong magkakaibang mga diyos. Kita n'yo kung anong uri ng Biblia ang magkakaroon kayo? Kung ganoon ay gagawin tayo nitong kung ano ang sinasabi sa atin ng mga Judio na ganun daw tayo. Sabi, "Alin sa mga diyos na iyan ang inyong Diyos?" Kita n'yo? Kaya, nakita ninyo, hindi ninyo . . . Hindi n'yo dapat ipakahulugan nang mali ang Biblia.

Sapagkat, si Jesus Mismo ang kapaliwanagan ng Biblia, kapag nahayag Siya sa naturang kapanahunan na ang bahagi ng Kanyang Katawan ay inihahayag. Kung ito ay kapanahunan ng kamay, dapat itong maging kamay; hindi ito maaaring maging kapanahunan ng ulo. Kung ito ay kapanahunan ng tinig, buweno, kung gayon, hindi ito maaaring maging kapanahunan ng paa. Kita n'yo? At ngayon nasa kapanahunan na tayo ng mata. At ngayon ang susunod, ay Siya na Mismo, ang darating. Ang paningin; maka-propeta!

77 Kita n'yo, sa buong kapanahunan, nagsimula tayo mula sa pundasyon, mula sa kapanahunan ng unang iglesya; nang mabaon ang Binhi sa lupa, ang kumpletong Binhi. Pagkatapos ay lumabas ito sa mga paa, si Luther; saka lumabas kay Wesley; pagkatapos ay sa mga Pentecostal, ang mga dila, sa mga labi, kita n'yo; ngayon nasa mga mata na ito, maka-propeta, ng Malakias 4, at iba pa. At ngayon ay wala nang natitira pa na darating kundi Siya na Mismo ang hahakbang doon, sapagkat iyan na ang bagay na pinakahuli.

Ang kasunod ay ang karunungan, at wala tayong sarili nating karunungan; ito'y sa Kanya. Wala tayong sarili nating paningin. Paano magagawa ng isang tao na makita ang mga

bagay na ito na darating? Hindi niya ito kayang gawin. Ito'y ang Diyos Mismo. Kita n'yo, ito'y—ito'y dumarating na sa isang kalagayan. At pinamamahalaan Niya ang katawan nang tuluy-tuloy hanggang ngayon, pagkatapos ang naturang kumpletong Katawan ni Cristo ay inihahayag sa anyo ng isang Nobya na kinuha mula sa Kanyang tagiliran, gaya ng ginawa ni Adan sa pasimula . . . gaya ng ginawa kay Adan, pala, sa pasimula.

78 Oo, "ang diyos," ilalagay nito ang buong Biblia sa kalituhan, lalabagin ang unang utos, at gagawa ng isang diyos, isang paganong diyos sa tatlo. Gagawin lamang nito—guguluhin lamang nito ang buong larawan ng Biblia. Kaya hindi n'yo dapat maipamali ng pakahulugan ang Biblia. Ngayon, isang bagay pa lamang iyan.

79 Gayong, bawat Kasulatan sa Biblia ay pareho ang pagkagamit, kailangang ilagay ninyo Ito sa lugar Nito. At ang mailagay Ito nang mali, maaaring magawa mo Siyang Diyos sa isang kapanahunan, at—at sa susunod na kapanahunan ay magawa mo Siyang isang kasaysayan, ang mailagay Ito nang mali. Kaya hindi n'yo dapat ilagay nang mali ang Kasulatan. Siya ay Diyos sa lahat ng panahon. Kung ginawa n'yo Siya ngayon na isang Diyos na lang ng kasaysayan, na kung ano ang naroon sa nakaraan, at hindi na Siya gayon ngayon, ano na ang gagawin mo sa Mga Hebreo 13:8? Kita n'yo, "Siya ay ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

80 Ngayon, kaya tingnan kung ano ang gagawin nito, at kung ano na ang nagawa nito. Ito'y ginawa na nito, ginawa Siyang itanggi ang Kanyang Sariling Salita, ang mailagay nang mali ang Mga Kasulatan.

81 Sa maling pagsasaayos sa Mga Kasulatan, ay maaaring mapagbuo-buo mo nang mali ang Kanyang katawan, mailagay ang paa kung saan sana nakalagay ang ulo, o kung ano. Gaya lamang ng isang . . . Sa ibang salita, maaaring pinapagtuturo mo si Jesus ng mensahe ni Moises. Marahil ay iyong . . . o maging si Wesley na pinapagtuturo mo ng sa kapanahunan ni Luther. Maaaring sa ngayon, sa kapanahunan natin, na itinuturo mo ang sa Pentecostal, ang mensaheng Pentecostal. Nakita ninyo kung sa anong kaguluhan malalagay Ito? Naipakita na ng mga Pentecostal ang mga kulay nito. Naipakita na ni Luther ang sa kanya, napunta na sa denominasyon. Namatay kaagad ito doon. Tinamaan ang naturang kapanahunan; doon ito nasadlak.

82 Pansinin, sa mismong sandali na naorganisa ito, ay namatay ito. Ngayon, tingnan lamang kung hindi nga tama iyan. Tingnan muli ang mga pahina ng kasaysayan. Sa tuwing mag-oorganisa ito, doon mismo ito namamatay; talagang wala na itong kahit ano pa man. Ito'y naging isa nang—isa nang sumasamba sa diyos ng sanlibutang ito, at napunta na sa mga organismo, at mga organisasyon, at mga denominasyon, at mga ilusyon. Isang grupo

ng mga Ricky ang nakapasok doon at naglagay ng sarili nilang mga pagtutol dito, o nagpasok ng sarili nilang mga kaisipan, pala, dito. At ano ang nangyari dito? Naging isang kaguluhan ito. Hahantong sa diyos ng sanlibutang ito, kung saan kanilang iluluklok mismo si Satanas, sa pag-aakalang nagkakaroon na sila ng isang dakilang pinuno ng mundo na magdadala ng kapayapaan sa kanila.

83 Sinabi ko na sa inyo noong isang araw, sasabihin ko itong muli, na maging ang sibilisasyon mismo ngayon ay lubos na lubos na taliwas sa Diyos. Taliwas ang sibilisasyon sa Diyos. Isang milyong milya ang layo ng edukasyon mula sa Kanya; isang milyong milya ang layo ng siyensiya. Pinipilit ng siyensiya at edukasyon na pasinungalingan ang Diyos, kita n'yo, sa pamamagitan ng mga seminaryong teolohikal at mga paaralan, at mga saklaw ng siyensiya, at iba pa. Nagkaroon na sila ng kanilang pagkakataon.

Paano naman ang tungkol sa pangitain noong nakaraang gabi, tungkol doon sa lalaki noong sumigaw siya sa mga siyentipikong iyon na naroon na ibinubuhos papasok ang bagay na iyon nang ganoon? Lumingon lamang sila at tumingala, at nagpatuloy. Magkakaroon ng isa pang pagdaraan.

84 Pansinin, oh, sadyang nararapat ang tatlong dapat na ito. Ngayon, hindi ninyo... Hindi dumating si Jesus na ipinangangaral ang mensahe ni Noe. Hindi Siya dumating na ipinangangaral ang mensahe ni Moises. O, hindi dumating si Moises na ipinangangaral ang... Kita n'yo, huwag isaayos nang mali ang Kasulatan. Ito'y kailangang nasa takdang panahon. Ngayon, hindi ninyo maaaring ipatungkol... Nang ang dakilang taong 'yon, na si John Wesley, ay dumating, o...

Ang dakilang tao, na si Luther, nang dumating si Luther na dala ang kanyang mensahe ng pag-aaring-ganap. Ngayon nang iyan ay isang... Si Luther ay isang dakilang tao. Tinawag niya ang iglesya palabas sa kadiliman, at ipinuwesto niya ang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. At nang gawin niya iyon, itinatag nila ang isang organisasyon sa ibabaw nito, at namatay ito. Naglakbay ang Buhay, gaya nito sa tangkay ng trigo, nang tuluy-tuloy patungo sa kapanahunan ni Wesley, tungo sa uhay. Lumitaw ang ibang mga dahon mula kay Luther, na namatay kasama nito, na siyang si Zwingli, at si Calvin, at lahat ng iba pa na nagmula sa naturang dakilang repormasyong iyan.

85 Pagkatapos ay dumating si Wesley, isa na namang kapanahunan ang umusbong na isang uhay. Si Wesley, at si Atterbury, at lahat ng mga 'yon, at—at si John at ang kanyang kapatid na lalaki, at silang lahat, mga dakilang lalaki ng Diyos na may mensahe, na sadyang lumaganap agad sa bansa. Inorganisa nila ito; namatay nga ito.

Pagkatapos ay lumitaw ito na kung titingnan ay tila ba ilalabas na niya ngayon ang butil, at, saka natuklasan, isa pala itong talukap, ang Pentecostal.

Ngunit doon sa likod ng lahat ng ito, lumitaw ang isang munting usbong.

At mapapansin ninyo, kadalasan . . . sa palagay ko, mga tatlo o apat na taon matapos na maparoon si Luther sa larangan, ay inorganisa ang iglesyang Lutheran. Sandaling panahon lamang matapos na maparoon sa larangan si Wesley, ay inorganisa na ito.

86 Sa Tucson, nagkaroon kami ng isang—isang programa tungkol sa kung paanong ang iglesyang Wesley, o iglesyang Methodist, ay lumitaw. At nang dumating sila rito sa America, marami sa kanila ang bumalik at nagsabi na bumuo sila ng isang—isang kasulatan ng pagkakatatag at iba pa, mula sa Inglatera, upang madala iyon dito, at kung paano iyon isinadulang lahat. Nakita ko noon din kung ano ang nangyari. Doon siya namatay.

87 Buweno, lumitaw naman ang Pentecostal, silang mga sinaunang nagsisihiyaw noong mga araw, na nagkaroon ng mga kaloob na pagsasalita sa iba't ibang wika, at nagsimula sa pagsasalita sa iba't ibang wika. Pagkatapos ay tinawag nila itong, "ang ebidensiya ng Banal na Espiritu." Nag-organisa sila pagkatapos. Sinabi ng isa na gagawin niya ang *ganito* at ang isa naman ay *ganyan,* at nagkaroon sila ng mga usapin at mga usapin. Anong ginawa nito? Bawat isa sa mga dahong iyon ay sadyang inilaladlad, kung paanong naging ganoon din ito sa tangkay at kung paanong naging ganoon din ito sa uhay. Nagkaroon na sila ng oneness, twoness, threeness, at ng church of God, at lahat ng iba pang ito, sadyang inilaladlad lamang, nang inilaladlad, nang inilaladlad.

Ngunit ngayon, ayon sa kalikasan, na isang sakdal na halimbawa, hindi ka kailanman magiging anuman para turuan Ito nang taliwas dito.

88 Isang pamilya, ng mga kaibigan ko doon sa Kentucky, ang nagkaroon ng isang munting—munting sanggol na isinilang noong isang araw, at bumangon ang ina noong nagluluto sila ng hapunan para sa amin. At tinutulungan niya ang isang kapatid na babae sa pagluluto ng hapunan para sa isang grupo naming mga kalalakihan na nanggaling pa sa pangangaso. At kaya nagsimulang umiyak ang sanggol, at nagsasalita ako noon. Sa palagay ko'y medyo nahiya ang ina, kaya tumakbo siya't kinuha ang sanggol, at—at nagsimula na—na pakainin ang munting bata. Sabi ko, "Alam ninyo, kalikasan talaga 'yan." Kita n'yo? Ngayon, hindi kayo . . .

Wala pa silang nakitang anumang higit na epektibong paraan para makuha ng isang sanggol ang gusto nito maliban sa

umiyak para dito. Ngayon, maaari ninyo itong bigyan ng isang—isang aklat sa etika, at umupo dito at sabihin, "Nais kitang turuan ng teolohiya, anak. Ngayon, huwag kang magtitili dito na gaya ng ibang mga bata; iba ka. Ngayon, kung gusto mong mapakain, patunugin mo itong maliit na pangkuliling sa banda rito." Sadyang hindi iyon uubra. Hindi, hindi talaga iyon uubra.

89 Kaya, kapag pinagmasdan ninyo ang kalikasan, nakikita natin ngayon kung nasaan ang bawat kapanahunan, at direktang dinisenyo ito na nasa huling kapanahunan na tayo. Humiwalay na ang talukap. At mayroon na tayong labinlimang taon, halos dalawampu na ngayon, na mga taon, na ang Mensahe ay lumalaganap sa bawat bansa, at nakakonekta ngayong umaga sa buong bansang ito, kita n'yo, at walang organisasyon. Hindi ito maaaring mag-organisa. Hindi pa nagkakaroon ng anumang gaya nito, ni magkakaroon man sa hinaharap. Kita n'yo?

Ang—ang mahalagang bagay na dapat mangyari sa Mensahe ngayon, ay, yaong mga tumanggap Nito sa kanilang mga puso ay dapat mabilad sa Presensiya ng Anak, upang mahinog. Kita n'yo? Maaari ninyong kuhanin ang Mensahe, at pagkatapos ay hayaang lutuin ng araw ang lahat ng pagiging hilaw mula sa inyo, kita n'yo, pinahihinog ang mga Cristiano. Nakita n'yo ang ibig kong sabihin? Malapit nang dumating ang Diyos, upang tanggapin na ang Kanyang Iglesya, at dapat tayong magkaroon ng mga ganyang tipo ng mga Cristiano upang tanggapin Niya. Ang—ang trigo'y dapat nang mahinog. Siyanga.

90 Itong tatlong mga dapat ay nararapat na gawin. Hindi dapat maipakahulugan nang mali, o gamitin Ito nang mali, maipakahulugan Ito nang mali, o mai-. . .o isaayos ito nang mali. Dapat Itong tuparin sa tumpak na paraang sinabi ng Diyos dito.

Para sa sanlibutan, isa Itong Aklat ng misteryo. Naniniwala ang mga tao na isa lamang itong misteryosong Aklat. Isang beses ay kausap ko ang isang napakasikat na tao dito sa siyudad, na may hawak na dakilang reputasyon sa Cristianismo, at sabi niya, "Sinubukan kong basahin ang Aklat ng Apocalipsis isang gabi." Sabi, "Kumain marahil si Juan ng isang malaking sili at binangungot." Kita n'yo, isang Aklat ng misteryo.

91 Subalit, samantalang sa tunay na mananampalataya, Ito'y ang kapahayagan ng Diyos na inihahayag sa kapanahunang kinabubuhayan natin. Sabi Niya, "Ang Aking Mga Salita ay Espiritu at Buhay." Sinabi iyon ni Jesus. Muli, "Ang Salita ay isang Binhi na inihasik ng isang manghahasik." Alam natin na totoo iyon. Ito ang Diyos sa anyong Salita, at maipaliliwanag lamang sa pamamagitan Niya Mismo.

Walang kakayahan ang isipan ng tao na ipaliwanag ang isipan ng Diyos. Paano makakaya ng munting—munting limitadong isipan na ipaliwanag ang walang hanggang Isipan,

gayong ni hindi nga natin maipaliwanag ang isipan ng bawat isa?

92 At pansinin ninyo, Siya lamang ang Nag-iisang makapagpapaliwanag Nito, at ipinaliliwanag Niya Ito kung kanino Niya ibig. Hindi Nito sinabi, "Ang mga tao noong unang panahon, habang binabagtas nila ang lupa sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan." "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan ay inihayag ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga propeta." Kita n'yo?

93 At, pansinin, "Yaong ibig Niyang pagpahayagan Nito." At sadyang ganoon ang pagkakadisenyo Niya upang maikubli Niya ang Kanyang Sarili sa Kasulatan, sa pinakamatalinong teologo na mayroon. Oh, naku! Sadyang kaya Niyang itago ang Kanyang Sarili, na nandoroon mismo sa Kasulatan, at maghanap ka buong araw at hinding-hindi ito makikita; maghanap buong buhay mo, at hindi ito kailanman makikita. Sadyang kaya Niyang ikubli ang Kanyang Sarili, na nandoroon lang mismo.

94 Ngayon, pakiusap, saan mang dako, hayaang tumimo 'yan. Na, ang Diyos, sa Salita, ay kayang ikubli nang lubos ang Kanyang Sarili sa Salita, na wala ni isa mang teologo o paaralan sa mundo na makasusumpong sa Kanya, at gayunma'y nandoroon lang Siya mismo.

Sasabihin mo, "Tama ba 'yon, Kapatid na Branham?"

Paano naman ang mga Fariseo at mga Saduceo? Paano naman sa bawat kapanahunan? Nagawa na Niya ito. Sigurado. Ginawa na Niya ang ganoon sa bawat kapanahunan. Ngayon maaari nating suriin 'yan. Isipin natin ang tungkol sa panahon ni Noe; ang matalino, intelektuwal na kapanahunan, kung paano Niya ikinubli ang Sarili Niya sa Kanyang ipinangakong Salita. Noong panahon ni Moises, kung paano Niya ikinubli ang Kanyang Sarili. Noong panahon ni Elias, kung paano Niya ikinubli ang Kanyang Sarili. Noong panahon ni Jesus, kung paano Niya ikinubli ang Kanyang Sarili. "Siya'y nasa sanlibutan, at ang sanlibuta'y ginawa sa pamamagitan Niya, at hindi Siya nakilala ng sanlibutan. Siya'y naparito sa sariling Kanya; Siya'y hindi tinanggap ng mga sariling Kanya." Kita n'yo?

95 Ikinukubli Niya ang Kanyang Sarili mula sa pinakamatalinong, intelektuwal na tao na mayroon sa lupa. Sasabihin mo, "Buweno, ito si Dr. Banal na Amang *Ganito-at-ganyan*." Wala akong pakialam kung sino man siya, ikinukubli ng Diyos ang Kanyang Sarili sa kanya; at ihahayag ito sa mga sanggol na siyang mangatututo, kita n'yo, mga sanggol ng Diyos, ang itinalagang binhi.

96 Isipin. Ang Makapangyarihang Diyos, na naroroon sa Kanyang Sariling Mga Salita, binubulag ang matatalino, mga edukadong tao nitong kasalukuyang kapanahunan, at

hindi nila ito nakikita. Iniisip nilang isa lamang itong bungkos ng kapanatikuhan. Tingnan Siyang nakatayo roong nagkukubli, mula sa mga Pentecostal, mga Baptist, mga Methodist, Presbyterian. Inihahahayag na nga ang Kanyang Sarili nang lantaran, at nagpapakita na nga ng lahat ng uri ng mga bagay, ibinabalita pa nga ito maging sa mga pahayagan, at mga ganoong bagay, gayon pa ma'y hindi nila ito nakikita. Oh, ang Diyos natin, gaano kadakila, na inihahayag ang Kanyang Sarili sa sinumang Kanyang ibig.

97 "Oh," sasabihin mo, "si Kapatid na Jones o Kapatid na *Ganito-at-ganyan*, siya'y—siya'y isang dakilang tao. Makikita niya Ito." Oh, hindi. Inihahayag Niya Ito kung kanino Niya lang ibig. Sabihin, "Hindi Ito nakikita ng asawa ko, at isa siyang Cristianong babae." Inihahayag Niya ang Kanyang Sarili kung kanino Niya lang ibig. "Buweno, isang dakilang tao ang pastor ko." Tama 'yan, ngunit inihahayag Niya ang Kanyang Sarili kung kanino Niya lang ibig. Ngayon, suriin kung ano na ang nahayag, sa kung ano na ang nagaganap, saka ninyo. . . ganap na mauunawaan n'yo.

98 Ngayon mapapansin natin kung gayon, Ito'y ginagawa nitong isang Aklat ng Diyos at hindi isang aklat ng tao. Kung sa tao Ito. . . Ngayon tingnan natin kung paano Nito ihahayag ang Sarili Nito. Tingnan kung paano Nito inilalantad ang kasalanan ng mga tao na sumulat Nito, pansinin, ang mga tao na—na nabuhay sa kaarawan Nito.

Si Abraham, halimbawa, tinawag siyang "ang ama ng mga mananampalataya." Pansinin kung paano na . . . Sa palagay n'yo ba isusulat ni Abraham sa Aklat na ito ang tungkol sa sarili niya, ang tungkol sa kanyang sariling kaduwagan? Paano niya kaya isusulat sa palagay n'yo na nagsinungaling siya sa hari nang umagang 'yon, at sinabing iyon ang kapatid niyang babae, gayong ito ang kanyang asawa? Isusulat ba Nito ang kanyang mga kaduwagang gawa na kanyang ginawa? Sigurado, hindi niya gagawin iyon.

99 Paano naman si Jacob sa kanyang pandaraya? Ang isang munting mandaraya na si Jacob. Magagawa ba ng isang—isang—isang tao, isang Hebreo na nagsusulat ng patungkol sa kanyang kapatid na Hebreo, na sa kanya'y tinawag ang buong Israel, mangangahas ba siyang isulat ang pandaraya ng mismong ama ng buong bansa? Kay Jacob, nagmula ang mga patriyarka; buhat naman sa mga patriyarka, lumitaw ang mga angkan. At ang batong pundasyon ng lahat ng ito, ang Biblia ay inilalantad siya bilang isang mandaraya. Tama ba? Sa palagay ba ninyo'y isusulat 'yan ng tao? Hindi, po.

100 Paano naman ang isang lalaking nagsulat tungkol sa pinakadakilang hari na nagkaroon sila noon dito sa lupa, bilang iniluklok na hari; si David, sa kanyang pangangalunya? Isusulat

ba ng mga Judiong iyon na ang kanilang marangal na hari ay isang mangangalunya?

Oh, mayroon tayong kasaysayan, gaya ng, "Hindi kailanman nagsabi ng isang kasinungalingan si George Washington," at mga bagay na tulad niyan. Sinasabi natin, tinatawag iyang kasaysayan.

Subalit isa itong tao, isang Biblia na tinatawag si David na "mangangalunya," at siya nga. Ang hari ng Israel, isang mangangalunya na siyang magiging anak...Si Jesus na magiging Anak ni David. Ang pinaka Pangulong Bato; at ang Kanyang ama, ayon sa laman, ay isang mangangalunya. Hinding-hindi magsusulat ang mga Judio ng isang ganyang Aklat. Isusulat ba ito ng tao tungkol sa sarili niya? Tiyak na hindi.

101 Paano naman magagawa ng mapagmalaking bansang Israel na iyon? Alam na ninyo kung gaano sila kamapagmalaki noon. Ang mapagmalaking bansa ng Israel, humayo't isinulat ang tungkol sa sarili nilang idolatriya, isinulat ang tungkol sa sarili nilang paghihimagsik laban sa kanilang Diyos, nagsulat nang laban sa marumi't, karumal-dumal na mga bagay na kanilang ginawa, at isinulat pa sa isang aklat? Siguradong itinago na nila 'yan. Ipinakita na lamang nila ang mga mabubuting bagay. Pero, itong Biblia, na nagsasabi kung ano'ng tama at kung ano'ng mali. Ito'y, nalalaman nino man na hindi magsusulat kailanman ang mga Judio ng isang Aklat na tulad niyan, tungkol sa sarili nilang karumihan, at idolatriya, at kabiguan, at lahat na ng bagay na nagkaroon sila. Hindi talaga nila isusulat 'yon. Oh, hindi.

Kung gayon, Sino ang sumulat Nito? Sinabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 1:1, "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta." Kung ganoon, iyon ay hindi ang mga propeta, iyon ay hindi mortal. "Ang Diyos!" Hindi "mga propeta sa iba't ibang panahon." Kundi, "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon, sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta."

May isa akong Kasulatan na nakasulat dito. Hindi ko alam kung ano Ito; hindi ko matukoy Ito. Kadalasan, kapag tumutukoy ako sa mga bagay na ito, tinitingnan ko ang isang Kasulatan. Hahanapin ko muna ito sandali, kung ipahihintulot ninyo sa akin. Ito'y sa Ikalawang Timoteo 3:16. Ako—ako—akala ko'y maaalala ko iyon, pero pagpasensiyahan n'yo ako. Hihinto lang ako sandali para alamin kung ano ito.

102 "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita noong unang panahon sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta."

Ngayon sa Ikalawang Timoteo 3, 3:16. Tingnan natin kung ano ang sinasabi nito sa 3:16.

> *Ang lahat ng mga kasulatan* (siyanga) *ay kinasihan ng* (Mga Propeta? Hindi.). . .*ay kinasihan* ng (Ano?) *Dios, at mapapakinabangan sa pagtuturo,* at *sa pagsaway*, at *pagtutuwid,* at *sa pagsasanay sa katuwiran:*
>
> *Upang ang tao ng Dios ay maging* nakatayong *ganap, nasasangkapang* lubos sa *lahat ng mga gawang mabuti.*

103 Buweno, kung gayon, kinasihan ang pagkakasulat sa lahat ng Kasulatan. Si Jesus, dito sa lupa, ay sinabi na ang mga langit at lupa ay lilipas, ngunit hindi ang Kanyang Salita. Sinabi Niya na dapat maganap ang lahat ng Kasulatan. Kaya kung gayon ang naturang Aklat ay hindi isang aklat na isinulat ng tao. Ito'y mga Aklat na isinulat ng Diyos.

104 Ngayon, alam nating pinili ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatalaga ang Kanyang Iglesya, ang Kanyang lugar, ang Kanyang mga propeta, at lahat ng tungkol dito. Sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ay itinalaga Niya ang Kanyang propeta. At nang dumating na ang naturang kapanahunan, pinarating din Niya ang Kanyang propeta sa siya ring kapanahunang iyon, at kinasihan ito habang isinusulat Niya ang Biblia sa pamamagitan nito. Ngayon, isinulat ng Diyos ang Biblia na gamit lamang ang propeta, sapagkat iyon ang Kanyang paraan ng paggawa dito. Kaya, kita n'yo, ito'y hindi ang salita . . . Kaya, kita n'yo, Ito ang Salita ng Diyos, at hindi ang salita ng tao.

105 Isang Persona ang Diyos. Nakakapangusap ang Diyos. Nakapagsasalita ang Diyos. Nakapagsusulat ang Diyos. Hindi Niya ito kailangang gawin sa ganyang paraan, subalit iyon ang paraan na Kanyang—pinili Niyang gawin ito. Hindi Niya kailangang gawin ito sa ganoong paraan, subalit pinili Niyang gawin ito sa ganoong paraan. Ngayon sasabihin ninyo, "Isinulat ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang daliri, ng Kanyang Sariling dakilang daliri, ang sampung utos. Kaya nakakasulat ang Diyos, Siya Mismo, kung nais Niya." Kita n'yo? Pero Siya—pinili Niyang isulat Ito sa pamamagitan ng mga propeta, kita n'yo. Sapagkat mga katangian Niya iyon, ang Kanyang Salita, na Kanyang ipinahayag sa pamamagitan nila, ginagawa ang lahat na isang bahagi, o isang bahagi Niya. Kita n'yo? Makakasulat Siya sa pamamagitan ng Kanyang daliri. Ginamit rin naman Niya ang Kanyang daliri at sumulat sa naturang mga pader ng Babilonia, "Ikaw ay tinimbang sa timbangan at nasumpungang kulang." Sumulat Siya sa pamamagitan ng Kanyang Sariling daliri.

106 Nakapagsasalita ang Diyos. Naniniwala ba kayong nakapagsasalita ang Diyos? Nakipag-usap Siya kay Moises sa bundok, sa isang nagliliyab na maliit na puno. Naniniwala ba kayo diyan? Siyanga, po. Nakipag-usap Siya kay Juan, sa

anyo ng isang kalapati, (naniniwala ba kayo diyan?) na, “Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong kinalulugdang panahanan.” Nakipag-usap Siya sa kanya. Nakipag-usap Siya kay Jesus sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, sa harap nina Pedro, Santiago, at Juan. Nakapagsasalita Siya. Hindi Siya pipi. Nakapagsasalita ang Diyos. Kaya nakipag-usap Siya kay—kay Jesus sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. At nakipag-usap Siya kay Jesus sa harap ng buong karamihan ng mga tao; noong, sinabi ng mga tao na kumulog, pero ang Diyos iyon na nakikipag-usap kay Jesus. At halos lahat sa Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, ay si Jesus na nangungusap. Siya ay Diyos. Kaya, nakapagsasalita ang Diyos.

107 Ginamit noon ang Kanyang Sariling mga daliri at nagsulat sa buhangin, isang araw. Nangusap Siya, nangaral Siya, nagpropesiya Siya, sa pamamagitan ng Sarili Niyang mga labi, ginawa nga ng Diyos, noong nagkatawang-tao Siya at nanahan sa gitna natin, “Ang Diyos na nahayag sa laman.” Kung Siya’y nakakasulat, nakakapagsalita, hindi ba Niya magagawang sabihin sa iba kung ano ang gagawin? Tiyak na magagawa nga. Magagawa Niyang mangusap sa kanila, sa tinig ng isang tao. Makakasulat Siya at maipapakita sa kanila kung ano ang gagawin. Nagawa na Niya iyon.

Kaya, “Ang Diyos, sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan ay nagsalita noong unang panahon sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta.” At sinabi Niya, sa Sulat na ito, na “Wala ni isang tuldok o kudlit ang mawawala hanggang sa Ito’y matupad na,” at pagkatapos ay nahayag Ito; saka Ito lilipas, sapagkat nahayag na Ito. Hindi Ito lilipas kung gayon, kundi ang Mismong Salita lamang ang sadyang nagkatawang-tao. Ang ibig sabihin ng *tuldok* ay “maliit na salita.” Ang ibig sabihin ng *kudlit* ay “maliit na marka.” Wala ni isa mang bantas, isang pananalita, anuman, ang mabibigo sa Salita ng Diyos. Hindi Ito mabibigo, sapagkat Diyos Ito, ang Diyos na nahayag sa anyo ng isang katawang tao. Dahil, ito’y ang Diyos Mismo sa anyong titik, sa anyong propeta, na nahayag sa laman.

Ngayon, iyon ang dahilan kaya nagawang sabihin ni Jesus, “Sila na nangusap sa inyo, tinatawag ninyo silang mga ‘diyos,’ na nangusap sa inyo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos,” sabi, “at sila’y mga diyos.” Ang mga propetang ’yon nang mapahiran sila ng Espiritu ng Diyos, at dinala nang tamang-tama ang Salita ng Diyos, kung gayon sila’y mga diyos. Ang Salita ng Diyos iyon na nangungusap sa pamamagitan nila. At kayang . . .

108 Ipinaliliwanag lamang nila kung ano ang ipinahihintulot ng May-akda na ipaliwanag nila. Ngayon kung nais ninyong hanapin ’yan, ’yan ay Ikalawang Pedro 1:20 at 21. Sige. Sapagkat, ito, kung saan ang Diyos . . . “Walang anumang

sariling tagapagpaliwanag.” Siya ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag.

Ang Diyos ay nangungusap at ipinapaliwanag Ito, Siya Mismo, pagkatapos ay inihahayag ito sa kung kanino Niya ibig, ikinukubli sa lahat ng iba pa. Hindi Niya kailangang ihayag Ito sa kahit kanino malibang naisin Niya. At hindi Niya... Siya, ipinahayag na Niya ang Kanyang kabuuan sa Kasulatan, kaya nga ang naturang kabuuan ay naihayag na; sadyang nakaupo lamang Siya doon at minamasdan itong maganap. Kita n'yo? Hindi. Sadyang pinagmamasdang nabubuo ang Katawan at bumabalik sa ano Nito, sa anyo, sa Kanyang Nobya muli. Siyanga.

109 Pinaniniwalaan Ito ng mga mananampalataya, gaya ni Abraham na tinawag ang mga bagay na taliwas Dito na tila ba hindi.

110 Ito rin, ang Salitang ito, ay kumikilala ng mga lihim ng mga puso, Mga Hebreo 4:12. “Kinikilala Nito ang mga lihim ng puso.”

111 Hindi naman laging nauunawaan ng mga propeta kung ano ang kanilang isinusulat o kung ano ang kanilang sinasabi, kung hindi ay di na sana nila sinabi iyon sa anumang paraan, kung naunawaan nga nila Iyon. Kita n'yo? Ngunit sinabi ng Biblia, “Sila'y pinakilos ng Banal na Espiritu.” Pinakilos! Kapag pinakikilos ka ng Banal na Espiritu, kumikilos ka. Ang tao... “Ang Diyos, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa mga propeta na pinakilos ng Banal na Espiritu.” Iyan ang dahilan, kaya sa lahat ng mga kapanahunan, ang mga tao na espirituwal ay sumasangguni sa mga propeta tungkol sa mga panahon at kung ano ang magaganap.

Ang propetang manunulat ay dapat palaging may pakikipag-ugnayan sa May-akda. Kita n'yo? Dapat siyang mabuhay tuwina sa Presensiya ng May-akda, upang malaman ang kalalabasan ng Aklat. Kita n'yo? Ang propetang manunulat, may nakahanda na siyang panulat anumang oras, palaging may pakikipag-ugnayan sa May-akda, na siyang ang Diyos, upang maisulat agad ano man ang sinabi Niyang isulat. Kita n'yo? Ipinakita kung anong uri ng buhay ang kanyang dapat... isang nakabukod na buhay mula sa lahat ng kanyang mga kapatid.

112 Ngayon, iyan ang dahilan kaya itinutuon ng propeta sa tuwina ang kanyang isipan sa sinasabi ng Diyos; hindi sa kung ano ang iniisip ng tao, kung ano ang iniisip ng kapanahunan, kung ano ang iniisip ng iglesya, kung ano ang iniisip ng kaharian. Kung ano ang iniisip ng Diyos! Ipinahayag lamang niya ang kaisipan ng Diyos sa Salita, sapagkat ang salita ay isang kaisipan nang ipahayag ito. Nakuha n'yo na ba ito ngayon? Ang Salita ay isang kaisipang ipinahayag, kaya naghihintay ang propeta sa mga kaisipan ng Diyos. At kapag ipinahayag na ng

Diyos ang Kanyang mga kaisipan sa kanya, ipinahahayag naman niya ito sa Salita, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Kita n'yo, hindi "Ganito ang sabi ko, na propeta." "GANITO ANG SABI NG PANGINOON!" Kita n'yo? Buweno.

113 Iyon ang dahilan kaya sinalungat nila ang mga kaharian at mga kapanahunan ng iglesya, na, ang paggawa ng gayon noong kanilang panahon, ay kamatayan ang parusa. Lalakad ka sa harapan ng hari at sasabihin sa kanya, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, *ganito-at-ganyan* ang magaganap," mapupugutan ka ng ulo. Papatayin ka ng iglesya ngayon din mismo sa paggawa niyon. Ngunit matatapang ang mga propetang ito. Bakit? Pinakilos sila ng Banal na Espiritu, kita n'yo, at, sila, iyon ang dahilan kaya sila tumapang. At isinulat nila ang—ang di-maaaring magkamaling Salita ng Diyos.

114 Marami noon ang sumubok na gayahin ang mga propetang iyon, gaya ng mga pari, o ng iba pa. At ano ang ginawa nila? Nagkagulo-gulo lamang, iyon lang. Hindi nila iyon magawa.

Sapagkat, pinili na ng Diyos ang naturang tao para sa kapanahunang iyon, at pinili na ang Mensahe, at maging ang kalikasan ng tao na iyon at kung ano ang mangyayari sa kapanahunang iyon, kung ano ang maisasakatuparan Niya, kung paano Niya magagawa. Sa kalikasan ng isang taong iyon, ay magagawa Niyang bulagin ang mga mata ng iba. Ang mga salita na sasabihin ng taong 'yon, kung paano siya kumilos, ay bubulag sa iba, at bubuksan ang mga mata ng iba. Kita n'yo? Binihisan Niya ang taong iyon sa ganung tipo ng pagkakabihis sa kanya; ang kalikasan, ang hangarin, at ang lahat-lahat nang sadyang kung paano dapat siyang maging, sadyang pinili nang sakdal para sa tiyak na mga taong iyon na Kanyang tatawagin para sa kapanahunang iyon.

Samantalang, 'yung iba naman ay tatayo at titingin sa kanya, sasabihin, "Buweno, hindi ko kaya. Mayroong . . . Ako—hindi ko makita." Binulag nga sila.

115 Dumating din sa gayong paraan si Jesus, na nararamtan, ang walang-kamatayang Diyos na nararamtan ng katawang tao. At dahil ipinanganak Siya sa isang sabsaban, sa isang kuwadrang puno ng dumi, walang dakong mahimlayan ng Kanyang ulo; isinilang, na napaghinalaan, na dala-dala ang ikinabit na pagka-ilehitimong turing sa Kanya. Kita n'yo? Ang lahat ng mga bagay na ito kung ano Siya, at kung paano Siya lumaki, na isang anak ng karpintero, kung paanong hindi Siya nakapag-aral.

Humigit-kumulang, sa mundo, sa karunungan ng mundong ito, wala Siyang anumang kinalaman dito. Wala sa sibilisasyon nitong sanlibutan, sa edukasyon, o anuman, wala Siya ni isa mang kinalaman dito. Bakit? Diyos Siya. Magsasalungat ito. Kung sinubukan pa Niyang pumasok sa isang seminaryo sa kung saan at pag-aralan ang kung ano mang bagay na ginagawa ng

mga iglesyang ito ng sanlibutan, ano sa . . . Aba, ni hindi ito magiging . . . aba, ni hindi nga ito magiging . . . hindi man lang ito tutugma sa Kanyang pang-unawa, dahil Diyos Siya.

Kaya, ang edukasyon, pag-aaral, mga seminaryo, at ganung mga bagay, ay tiyak na taliwas sa kalooban ng Diyos. Ang buong sistema ng edukasyon ay taliwas sa Diyos. Ang lahat ng bagay ay nagtuturong palayo sa Diyos, sa tuwina. Kapag naririnig kong sinasabi ng isang tao na siya'y Dr., Ph.D., L.L.Q., inilalayo lamang siya lalo niyan sa Diyos, para sa akin. Kita n'yo? Pinag-aral lamang niya ang kanyang sarili nang lalong malayo mula sa kung ano talaga siya tinawag upang gampanan. Tama 'yan.

Pansinin n'yo kung paano ngayon na sila'y pinakilos ng Espiritu Santo.

116 Ngayon, hindi nangangahulugan 'yon na hindi pumapasok ang edukadong tao. Tingnan n'yo si Pablo. Sa palagay ko'y wala nang mas tatalino pa noong panahon niya kaysa kay Pablo, na siyang si Saulo ng Tarso. Nag-aral siya sa ilalim ni Gamaliel, isa sa pinakamahuhusay na mga guro ng panahong yaon; dakila, mahigpit na Hebreo, isang Fariseo ng denominasyon. At pinalaki si Pablo sa ilalim niya. Alam niya ang buong relihiyon ng mga Judio. Ngunit nang napunta na siya sa iglesya, sinabi niya, "Hindi ako naparito sa inyo sa pamamagitan ng edukasyon ng tao, at iba pa. Sapagkat, kung ganoon nga, kung gayo'y diyan na kayo magtitiwala. Kundi naparito ako sa inyo sa kapangyarihan at sa kahayagan ng Banal na Espiritu, upang ang inyong pananampalataya ay maging nasa Diyos." Hayun na. Kita n'yo? Tama 'yan.

117 Maraming sumubok na gayahin ang mga taong ito, ngunit labis lamang nilang ginulo ang bagay na gaya ng ginagawa nila ngayon. May isang lumitaw noon bago pa ang panahon ni Jesus, na nag-akay ng apat na raang tao palayo. At alam ninyo kung paano mababasa sa Kasulatan ang tungkol sa mga bagay na iyon, ang piliting gawin na ito bago pa man dumating ang takdang oras. At ang ilan sa kanila ay pinilit na manggaya sa Kanya, at sila lahat ay *ganito*, *ganyan*, o 'yung *isa pa*. At sinabi Niya, "Sa mga huling araw, kung paanong sila'y magpapalitaw ng mga bulaang Cristo, sa mga huling araw, at mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga tanda at kababalaghan." Mayroon na tayo lahat niyan. Kita n'yo? Ngunit hindi iyon gumagawa ng paglayo sa totoo. Pinagliliwanag lamang nito Ito nang higit pa, sapagkat mayroon tayong isang tunay na Cristo, hindi isang huwad.

118 Ngayon, ngayon, napagtatanto na natin kung gayon na isinugo ng Diyos ang Kanyang mga propeta. Iyon ang paraan Niya ng paghahatid ng Kanyang Salita sa mga tao, sa pamamagitan ng mga labi ng Kanyang mga propeta.

At pansinin, alam ninyo, sinabi ni Moises, kung gusto ninyo itong basahin sa Exodo sa ika-4 na kabanata, at sa ika-10 at ika-12 talata. Sinabi ni Moises na nangusap sa kanya ang Diyos. Nakipag-usap ang Diyos sa isang tao, nang labi sa tainga. At sinabi niya, "Ako po'y kimi sa pangungusap," sabi ni Moises. "Ako, ako po'y walang kakayahan. Ako—hindi po ako makakapunta."

119 Sinabi Niya, "Sino bang gumawa sa tao upang magsalita, o Sino ang gumawa sa kanyang pipi? Sino ang gumawa sa kanya upang makakita, o Sino ang gumawa sa kanya upang makarinig? Hindi ba't Ako, ang Panginoon?" Sabi, "Ako'y sasaiyong bibig." Kita ninyo? Kaya . . .

120 At sinabi ni Jeremias, kung gusto ninyong basahin iyan sa Jeremias 1:6. Sinabi ni Jeremias na, "Inilagay ng Diyos ang mga salita sa aking bibig." Kita n'yo? Siya—nagsalita Siya, nang labi sa tainga, sa isang propeta; at nangusap sa pamamagitan ng iba pang propeta, hindi man lang nito nakokontrol iyon, at nangusap sa pamamagitan ng mga labi nito.

121 May mga paraan Siya ng paglalabas sa Kanyang Salita, alam n'yo. Siyanga, po. Kaya nakikita ninyo na ang Biblia ay Salita ng Diyos, hindi salita ng tao.

Sabi ni Moises, "Nangusap sa akin ang Diyos sa isang Tinig, at narinig ko Siya. Isinulat ko kung ano ang sinabi Niya."

122 Sinabi ni Jeremias, "Hindi man lang ako makapagsalita. At, malalaman mo na lang, nagsasalita na ang aking mga labi, at—at—at nagsusulat na ako." Nangusap ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga labi, at nangyari nga iyon.

Sina Daniel, Isaias, at ang iba pa, ang lahat ng mga propetang iyon ay halos pare-pareho lamang.

123 Alam ninyo, doon pa lang sa Lumang Tipan, mahigit sa dalawang libong beses na sinabi ng mga propetang iyon ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ngayon, kung sasabihin ng tao ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi na 'yung tao ang nagsasalita. Kung gawin niyang kanya, hindi siya magiging isang propeta, magiging isa siyang mapagkunwari, kita n'yo, sapagkat hindi iyon (kailanman) magaganap; isang posibilidad sa sampung daang libong beses, kita n'yo, maaaring mahulaan nila ito. Ngunit kung ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang Panginoong Diyos na ang nagsabi nito.

Kung sasabihin ko, "Ganito ang sabi ni Orman Neville"; sasabihin ng kapatid ko, "Ganito ang sabi ni G. Mann"; sasabihin ko, "Ganito ang sabi ni Kapatid na Vayle," sa banda rito, o ng ilan pa sa mga kapatid na ito, sino man sa inyo; sinasabi ko kung ano ang sinabi ninyo. Kung matapat ako, sinasabi ko lang kung ano ang sinabi ninyo.

At ang mga kalalakihang ito, bilang mga propeta, ay nagsabi, "Hindi ako 'yon. Wala akong ano mang kinalaman dito, kundi ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Kaya ang Biblia ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON sa pamamagitan ng mga propeta.

124 Pansinin, tinanggap nila ang Espiritu ni Cristo sa kanilang sarili, at iprinopesiya ang mga pangyayari na magaganap. Kung pag-usapan ang tungkol sa mga pagpropropesiya! Sinabi nila kung ano ang magaganap sa buong kahabaan ng mga kapanahunan, habang nakaupo sila, nakatayo, nakahiga, naglalakad na taglay ang Espiritu ni Cristo sa kanila, hanggang sa kumilos na sila na parang si Cristo. At babasahin iyon ng mga mambabasa at iisipin na pinatutungkulan ng mga propeta ang kanilang sarili.

Naaalala n'yo pa ba ang eunukong iyon noong binabasa niya ang Isaias 53:1, tungkol sa kung paano, na, "Nasugatan Siya dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo"? Sinabi ng naturang eunuko kay Felipe, "Sino ba ang pinatutungkulan ng propeta, ang sarili ba niya o ibang tao?" Kita n'yo, nangusap ang propeta na tila ba siya 'yon mismo.

125 Tingnan n'yo si David na nananangis sa Espiritu, "Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan? Ang aking mga buto, nakatitig sila sa akin, sa akin," si David. "Binutasan nila ang aking mga paa at aking mga kamay," si David. "Binutasan nila ang aking mga paa at aking mga kamay. Ngunit hindi Mo iiwanan ang aking kaluluwa sa sheol, ni hindi Mo man titiisin na ang Iyong banal ay makakita ng kabulukan," na para bang si David ay nangungusap tungkol sa kanyang sarili bilang banal. Ito'y ang Anak ni David, yaong tumubong, espirituwal na Binhi na nanggagaling doon. Bagama't si David mismo ay isang amorseko, ngunit sa loob niyaon ay ang isang butil ng Trigo. Nakuha n'yo ba ito?

Kaya, ang buong Biblia ay hindi salita ng tao, ni isinulat man Ito ng tao, inihatid ng tao, o ni hindi Ito maaaring maging—maging inihayag ng tao. Salita Ito ng Diyos na inihayag Mismo ng Diyos, ang Kanyang Sariling Tagapagpaliwanag, si Cristo na inihahayag ang Kanyang Sarili sa Kanyang Sariling Salita.

126 Tingnan n'yo si Cristo na nakatayo doon kay David. Ni hindi nga makapag-isip si David ngayon. Wala na sa kanya ang kanyang kaisipan, parang ganoon. At nakabitin Siya sa krus, gaya ng nakikita ninyo sa estatwa rito; nakabitin sa krus, na sumisigaw ng, "Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan? Lahat ng Aking mga buto, sila'y nakatitig sa Akin. Binutasan nila ang Aking mga kamay at Aking mga paa. Tinusok nila ang Aking tagiliran." Kita n'yo? "Bakit napakalayo Mo sa Akin?

Nakapaligid ang lahat ng mga toro ng Basan. Iniiling nila ang kanilang mga ulo, sinasabing, ‘Nagtitiwala siya sa Diyos, na Kanya Siyang ililigtas; ngayon tingnan natin kung ililigtas Niya Siya,’” sinasabi ang siya ring mga salita.

Kaya, nakita ninyo, noong mahayag ang Diyos dito sa lupa, sinabi Niya ang siya ring mga salita na sinabi ni David. Nakuha n’yo? Kaya, nakita ninyo, hindi Ito salita ng tao; Ito’y Salita ng Diyos. Naroon ang Diyos kay David; hindi na iyon si David. Hindi na niya alam kung ano ang kanyang sinasabi; lubos lamang siyang nasa Espiritu.

Ganyan si Moises noon. Siya’y lubos na nasa Espiritu, nilagpasan ang dimensiyon na kinabubuhayan niya, at tumayo doon nang mukhaan, doon sa nagliliyab na mababang punong kahoy, na nakikipag-usap sa—sa—sa Diyos Mismo. Sabi, “Hubarin mo ang iyong panyapak. Ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa.”

Nakikini-kinita ko nang umalis na doon si Moises, naisip niya, “Ano’ng nangyari? Ano bang naganap? Ano nga ba ’yon?”

Sabi, “Pumaroon ka sa Egipto. Sasamahan Kita.”

Sabi niya, “Napakatotoo niyon sa akin, dapat nga akong pumunta.” Kinuha niya ang kanyang asawa at ang kanyang mga anak. . . at—at ang kanyang anak, pala, at ang kanyang tungkod sa kanyang kamay, at nagtungo doon sa Egipto, upang ilabas ang naturang mga tao. Kita n’yo?

127 Ang Diyos na nangungusap, Siya Mismo, sa pamamagitan ng mga propeta. Kita n’yo, sila, lubos silang. . . Hindi na iyon ang mga propeta; ang Diyos na iyon. Sapagkat, ang propeta, sa kanilang mga sarili lamang, ay hindi nila masasabi ang mga bagay na ’yon.

“Sinong naniwala sa aming balita?” Sinasabi ni Isaias, nakita n’yo. “Sinong naniwala sa aming balita? Kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? Lalaki Siya sa ating harapan na tulad ng guya sa isang—sa isang silungan. At kung paanong, gayunma’y, nasugatan Siya dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya; na sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.” Nagsigaling tayo, hanggang sa panahong ito dito; at si Isaias, noon pang walong daang taon pa nga bago si Cristo. Kita n’yo? “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay tayo noon ay,” panahunang pangnagdaan, tapos na, “pinagaling na.” Oh, naku!

Kung paano talaga na, ang Salita ng Diyos, ay napakasakdal! Magtiwala kayo Rito, mga kasama. Ito lamang ang tanging bagay na makapagliligtas sa inyo.

128 Ang lahat ng iba pang salita, wala akong pakialam kung gaano pa man kahusay iniayos ang mga ito, kung paano,

kung kanino pa man nanggaling ang mga ito, kung anong denominasyon pa man ang pinanggalingan ng mga ito, o kung gaano pa man katalino ang taong iyon, ay dapat na balewalain nang lubos, ang anumang bagay na taliwas sa Salita. Gusto ninyong isulat ang Kasulatan na iyon, ito'y sa Mga Taga Galacia 1:8. Kita n'yo? Sinabi ni Pablo, "Kahit kami, o isang Anghel mula sa mga Langit, ang mangaral ng ibang bagay maliban Dito na inyo nang narinig, hayaan siyang sumpain."

Sa ibang salita, kung isang Anghel ang lalapit sa inyo mula sa Langit, isang nagliliwanag at nagniningning na Anghel, at tatayo; naku, magiging pain nga 'yan para sa panahong ito, hindi ba? Isang nagliliwanag at nagniningning na Anghel na pupunta diyan sa itaas at tatayo, at magsasabi ng mga bagay na taliwas sa Salita; sabihin mo, "Satanas, lumayo ka sa akin." Tama. Kung isa siyang obispo, kung isa siyang . . . maging ano pa man siya, huwag na huwag ninyo siyang paniniwalaan kung hindi siya nagsasalita nang eksakto sa Biblia na 'yan, Salita sa Salita. Bantayan n'yo siya, dadalhin niya kayo sa pamamagitan ng Biblia ngayon. Dadalhin niya kayo tungo sa isang punto, at saka ito ikakawit doon mismo. Kapag nakita ninyong nagsasabi ng isang bagay ang Biblia, at nilalagpasan niya iyon, bantayan n'yo siya doon mismo.

Kita n'yo, ganyan ang ginawa niya kay Eba. Bumaba siya at sinabi nang sadyang tumpak ang lahat na. "Buweno, sinabi ng Diyos ang *ganito*."

"Tama 'yan, Eba. Amen. Naniniwala tayo riyan, pareho."

"Buweno, sinabi ng Diyos ang *ganito*."

"Amen. Naniniwala tayo riyan, pareho."

"Sinabi ng Diyos ang *ganito*."

"Naniniwala tayo riyan, sigurado."

"Buweno, ngunit sinabi ng Diyos na mamamatay daw kami."

129 "Buweno, ngayon, alam mo isa Siyang mabuting Diyos." Hindi niya naman sinabi na hindi nga Niya gagawin, alam n'yo na. "Subalit tunay na . . . " Oh, talaga naman! Hayun na siya.

At kung ganyan siya kamapanlinlang, at sinabi ng Biblia, "Sa mga huling araw ay ililigaw niya ang Mga Hinirang kung maaari," saan na ba tayo dapat nandoon ngayon, mga kaibigan? Ngayon, itong mga munting araling pang-Sunday school ay, dapat dalhin nang napakalapit, alam n'yo, sa mga puso natin, upang makita . . . Dapat tayong makinig nang mabuti at makita kung gaano kamapandaya ang bagay na iyon.

130 Pansinin, hindi natin magagawa, hindi dapat tayo, makinig sa salita ng sinumang ibang tao. Wala tayong pakialam kung gaano man katalino, gaano man kaedukado. Ang Biblia, sa Mga Kawikaan, ay nagsasabi, "Dapat nating iwaksi ang

mga pangangatwiran." Kita n'yo? Ngayon, dito sa ikalawang bahaging pantaong ito . . .

Ang unang bahaging pantao ay ang inyong mga pandama ng paningin, panlasa, pandamdam, pang-amoy, at pandinig. Iyan ay nasa panlabas ninyong katawan.

Sa panloob na katawan, na siyang espiritu, ay ang mga pangangatwiran at kaisipan, at iba pa. Dapat nating iwaksi ang lahat ng iyan. Hindi makapangangatwiran, sabihin, "Ngayon sandali, kung ang Diyos ay isang mabuting Diyos . . . " At marami nang sinabi sa atin ngayon na Siya nga. "Kung isa Siyang mabuting Diyos, kung ganoon kung magiging tapat ako, kahit na hindi ko makita 'yon sa Biblia na tama, gayunma'y maging tapat lang ako, maliligtas na ako." Naliligaw ka. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

131 "Kung magsisimba ako at gawin lamang ang mga bagay na sa palagay ko'y tama, at sikaping manghawakan sa kung ano ang inaakala kong tama, buweno, ako . . . " Naliligaw ka pa rin.

"May daan na tila matuwid sa tao, ngunit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan." Kita n'yo? Hindi kayo maliligtas; mapapahamak kayo. Kita n'yo? Kita n'yo? Ito dapat yaong Taong namamahala sa loob.

132 "Buweno, nakapagsalita na ako sa iba't ibang wika, Kapatid na Branham. Buweno, hindi ka ba naniniwala sa pagsasalita sa iba't ibang wika, Kapatid na Branham?" Siyempre naman. "Buweno, humiyaw na ako; hindi ka ba naniniwala diyan?" Siyanga, po. "Namumuhay ako ng isang mabuting buhay Cristiano. Hindi ka ba naniniwala sa ganyan?" Siyanga, po. Pero gayunma'y hindi iyon nangangahulugan na ligtas ka na. Mabuti kang tao; malinis, may mabuting asal, banal, mabuting tao.

Gayun din ang mga paring iyon, na relihiyoso hanggang sa kaloob-looban, napakarelihiyoso hanggang sa mapamalian lamang ng pakahulugan ang isa, ay babatuhin na sila hanggang sa mamatay. Ang parusang kamatayan sa panlilinlang sa Salita ng Diyos ay kamatayan.

133 Iyan ang problema sa bansa natin ngayon. Ang dahilan kung bakit napakarami na nating mga kaluwagan sa mundo ngayon, hindi pa ganoon katindi ang mga kaparusahan. Kung nahuli ang isang lalaki na kinakasama ang asawa ng ibang lalaki, pareho silang dapat ilabas sa publiko at kapunin, tama, nang lantaran, at pakawalan. Tama 'yon. Kung nahuli ang isang lalaki na gumagawa ng anumang mali, doon sa daan, nagpapatakbo nang sobrang bilis, dapat hindi lang siya bigyan ng mas mababa pa sa sampung taon; kanyang sin- . . . sinadya ang pagpatay. Kita n'yo? Kung papatawan mo iyon ng mga ganyang kaparusahan, mapapabagal mo sila.

Pero kapag ang isang tiwaling pulitiko ay makahawak sa isang *ito* banda rito at palagpasin lang ito, at sabihin, "Buweno,

nakainom lang siya nang kaunti, siya ay . . . hindi niya sinadyang gawin iyon." At papatay ng isang lalaki, asawa, at isang buong pangkat ng mga inosenteng bata, hahayaang malusutan ito ng Ricky na iyon, 'yan ang pulitika. Iyan ang sanlibutan. Iyan ang diablo.

134 Sinabi ng Diyos na kung mahuli ang isang lalaki sa pangangalunya, o ang isang babae, ilabas sila doon at batuhin sila hanggang sa mamatay. Iyon na 'yon. Kita n'yo? Kung mahuli pa nga siyang namumulot ng isang timbang na patpat, sa araw ng sabbath, "Dakpin siya at batuhin siya." Ipinamuhay nila iyon noon. At ngayon, kita n'yo, wala na tayong mga ganoong klase ng batas ngayon.

Ngunit sa Cristiano, sa iglesya, kung ano ang kinakausap ko ngayong umaga, ang batas na iyan ng Diyos ay nasa puso ninyo. Kita n'yo? Wala kayong paghahangad na gawin ito. Narito iyon sa loob. Nais ninyong tuparin nang sakdal ang batas ng Diyos. Maging ano pa man iyon, nais lamang ninyong maging kung ano . . . Kung—kung kailangan ng Diyos ng basahan sa pintuan, nais Niya kayong maging basahan na iyon, lubos na kayong nagagalak na maging ganoon. Maging ano pa man iyon, nais ninyong maging ang basahang iyon sa pintuan. Kita n'yo? Anuman ang nais ng Diyos na gawin ninyo, iyon ang gusto ninyong gawin, sapagkat ang Diyos iyon. Ngayon, diyan talaga ninyo malalaman ang inyong tunay, dalisay, at totoong pag-ibig sa Diyos.

135 Ngayon napag-aalaman natin kung gayon, na, "Ang isang Anghel na mangangaral ng iba pang bagay," maliban sa kung ano . . . ? . . . na ang nasabi sa Biblia, "hayaan siyang sumpain." Walang sinuman ang makagagawa. Hindi maaaring gawin iyon; dapat maging eksakto lang Ito sa kung ano ang pagkakasabi Nito.

136 At muli'y mababasa natin, sa Apocalipsis 22:18 at 19, "Kung sinuman ang magdagdag ng isang salita Dito, o mag-alis ng isang Salita mula Dito, ay aalisin ng Diyos ang kanyang bahagi sa Aklat ng Buhay." Tama. Aalisin ng Diyos ang bahagi niya, kahit na isang ministro pa siya, maging ano pa man siya, at ang kanyang salita . . . nakasulat man ang kanyang pangalan sa Aklat ng Buhay. Ang sabi ng Diyos, "Sadyang buburahin Ko agad ito," tama 'yan, "kung magdaragdag siya ng isang bagay Dito, o mag-aalis ng isang Salita Dito." Ganyan kung paano ginawa ng Diyos ang Kanyang Salita na di-maaaring magkamali. Kita n'yo? Maaari kayong magdagdag sa iglesya, o mag-alis mula sa iglesya. Huwag na huwag kayong magdaragdag sa Salitang iyon, o mag-aalis man Dito, sapagkat aalisin agad ng Diyos ang pangalan n'yo sa Aklat ng Buhay. At, 'yan ay, tapos ka na kung gayon. Kita n'yo? Hindi ka maaaring magdagdag Dito, o mag-alis Dito. Ito lamang ay sadyang eksakto kung ano . . .

137 Hindi Ito nangangailangan ng tagapagpaliwanag, sapagkat sinabi ng Biblia na ang Diyos ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag sa Biblia. “Hindi Ito nagbuhat sa pansariling pagpapaliwanag,” sabi ni Pedro. Siyanga.

138 At ang buong Kasulatan ay ipinagkaloob ng Diyos, inilagay ng Diyos sa kaayusan, at ang naturang kabuuan ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo. Ang Bago at Lumang Tipan, kung saan ay pauna na nilang sinabi ang Kanyang pagdating, kung ano ang Kanyang gagawin kapag narito na Siya, at kung ano ang Kanyang gagawin dito sa darating na kapanahunang ito. Kaya Siya’y ginagawa niyan na siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kita n’yo?

Tulad diyan sa Mga Hebreo, nang isulat ito ni Pablo. Siya ay Diyos, “Si Jesus Cristo kahapon,” ng Lumang Tipan. Siya ay “Si Jesus Cristo ngayon,” na nahayag sa laman. “At Siya’y si Jesus Cristo magpakailanman,” sa Espiritu, “na darating.” Kita n’yo? Kita n’yo? “Siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

At nabubuhay Siya magpakailanman upang gawing buhay ang Kanyang Salita sa kung ano ang sinabi Nito na gagawin nga Nito para sa kapanahunang iyon. Buhay Siya.

139 Buhay Siya sa Lumang Tipan, na nahayag. Nais ko lang na makita ninyo ang isang munting bagay dito, kung matitiis n’yo pa. Masdan, nang mahayag si Jesus sa Lumang Tipan, gaya ng paniniwala natin dito.

Ngayon, kayong mga mangangaral diyan, maaari kayong makipagtalo rito, gawin n’yo kung ano man ang gusto ninyo, pero nangungusap ako para sa aking . . . kung ano ang iniisip ko. Kita n’yo?

140 Nang mahayag si Jesus sa Lumang Tipan, sa isang theophany, sa katauhan ni Melquisedec; hindi sa pagkasaserdote, kundi ang Persona, ang Tao. Kita n’yo? Sapagkat, hindi pa naipapanganak ang Taong ito, ngunit nasa theophany Siya, kaya wala Siyang ama, walang ina. Siya ang Diyos Mismo. Nahayag Siya sa anyo ng isang Tao, na tinawag na, “Hari ng Salem, na siyang Hari ng Kapayapaan, at Hari ng Katuwiran.” Kita n’yo? Siya si Melquisedec. “Wala Siyang ama o ina man, pasimula ng mga araw o katapusan man ng buhay.” Kita n’yo? Iyon ay si Jesus na nasa isang theophany, sa anyo ng isang Tao. Nasusundan n’yo ba ’yon? Buweno.

141 Pagkatapos ay naging aktuwal na katawang-tao na Siya, at nanahan na kasama natin, sa Katauhan ni Jesus Cristo Mismo, na ipinanganak ng birheng si Maria. Dumating Siya sa anyong iyon upang Siya’y mamatay, at bumalik muli sa Langit.

Ngayon sa mga huling araw na ito, naipangako na Niyang ihahayag Niyang muli ang Kanyang Sarili sa kapuspusan, ng Kanyang laman, sa Espiritu. Kita n’yo? “Sapagkat kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ng Sodoma, ay gayon din naman

ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao." Ngayon tingnan ang Sodoma, kung paano ang kalagayan nito noon, at kung ano na ang naganap. At si Jesus Cristo na nahahayag sa anyong katawan, ng Kanyang Iglesya ngayon, kita n'yo, ay ginagawa ang ganoon ding bagay, ganoon ding gawa, ganoon ding mga bagay na ginawa Niya sa tuwina, na hindi kailanman nagbabago, Yaong Walang Hanggan. Kita n'yo? At sa ibabaw ng lupa ngayon, ay naihayag na Niya ang Kanyang Sarili sa mga katawan ng tao, sa ating mga katawang-tao na Kanyang tinawag na, at ganap na ginawa ang siya ring bagay na ginawa Niya sa iba't ibang panahon, at sa mga panahon ng Kanyang katawang laman sa ibabaw ng lupa. At ginagawa ang siya ring bagay ngayon, sapagkat, "Ang Diyos ay nangusap sa mga magulang sa iba't ibang panahon sa pamamagitan ng mga propeta, sa mga huling araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo." Kita n'yo, ang Anak na inihahayag sa mga huling araw, ang Diyos na nahayag sa katawang-tao, nagaganap na sadyang bago dumating ang pagkawasak ng Sodoma, ang katapusan ng mundong Gentil. Nakikita n'yo ba ito?

May tatlong kahayagan.

142 Ngayon, ang susunod na bagay na mangyayari, ay kapag nagsama-sama na ang lahat ng ito sa isang Personang iyon, si Jesus Cristo, ang Nobya at Katawan, sa pisikal na pagbabalik ng Panginoong Jesus. Ginagawa ang Kanyang tatlong beses... Nang dalhin Siya sa lupa; pinatay, ipinako, nabuhay na mag-uli. Inihahayag ang Kanyang Sarili sa anyo ng Kanyang Katawan, na ang Kanyang Nobya, ang Babae. Nakuha n'yo ba ito? Bahagi Siya ng Kanyang Katawan.

At ang babae at lalaki ay sadyang napakalapit sa isa't isa, hanggang sa halos sila'y...Pareho na sila. Dapat nga naman silang maging ganun, kahit paano. Hayun na sila, kita n'yo, nahayag sila na talagang iisa. Siya'y bahagi ng lalaki, sapagkat kinuha siya mula rito.

At ang Nobya ngayon ay kinuha sa katawan ni Cristo, na gumaganap at gumagawa nang sadyang eksakto na gaya ng sinabi Niyang gagawin nga Nito para sa panahong ito, ang Nobya, ang Reyna; ang Hari at ang Reyna. Buweno.

Tinatanghali na tayo ngayon, kaya kailangan na nating magmadali at nang makatapos na.

143 Buweno, ang buong Biblia ay ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo, na ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa bawat kapanahunan. Ipinakilala Niya ang Kanyang Sarili noong panahon ni Luther, bilang pundasyon; ang iglesya, ang paa, ang mga binti.

Gaya ng ginawa Niya kay Haring Nebuchadnezzar; naaalala n'yo kung paano niya napanaginipan ang mga panaginip na iyon, at nagsimula sa ulo pababa? Kita n'yo? Ngayon nagsisimula Siya

sa paa pataas. Kita n'yo? Sa kaharian ng Babilonia'y ipinakita Niya ang lahat nung sa Lumang Tipan, nagsimula Siya sa ulo pababa, hanggang sa bumaba Siya hanggang sa ang Diyos Mismo ay maging laman sa paanan ng hagdang iyon. Ngayon dito sa Bagong Tipan, ibinabalik Niyang muli ang Kanyang Sarili sa itaas, patungong muli sa Ulo, ang Ulong ginto, upang koronahan. Kita n'yo? Tingnan. Nakuha n'yo?

Kita n'yo, ang Diyos ay nasa pasimula noon, at pababa Siya nang pababa, sa pamamagitan ng mga propeta, at tuluy-tuloy pababa, hanggang sa ang Diyos Mismo ay naging taong gaya natin, bumaba hanggang doon sa paanan ng hagdan, isang sanggol na ipinanganak sa sabsaban; kinamuhian, tinanggihan, hinamak, at isang masamang pangalan, at lahat na ng kung ano Siya noon. Pagkatapos ay nagsimula Siyang bumangon, kita n'yo, at mula sa paa ay sinimulan Niyang itayo ang Iglesya, ang Nobya, bumabalik, patuloy nang bumabalik; at ngayo'y patungo na sa Pangulong Bato, kung saan ang lahat ng ito ay nagkakadugtung-dugtong na nang sama-sama at binubuo na ang isang dakilang nagbagong-anyong Katawan ni Jesus Cristo.

144 Nahahayag ang Diyos sa bawat kapanahunan sa pamamagitan ng Kanyang ipinangakong Salita para sa kapanahunang 'yon. Ngayon tingnan lamang natin ang ilan sa mga pangako Niya para sa ngayon, habang nagtatapos na tayo sa huling mga salitang ito.

145 Ngayon inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa oras ng panggabing Liwanag. Tingnan natin ngayon. Nakikita natin . . .

146 Mayroon lamang akong ilang Mga Kasulatan na naisulat dito. Gaya ng nakikita ninyo sa pahinang ito, kung gaano karaming pahina ang nakasulat diyan. Pero, mayroon na lang tayong labinlimang minuto bago mag-alas dose. Gusto ko nang lumabas. At hindi naman ako namaos, ngayong umaga, sa pagsasalita. Kung minsan ay talagang namamaos ako dahil sa mga air conditioner na ito.

Kaya kung si Kapatid na Neville ay walang . . . Wala ka bang anumang bagay para mamayang gabi? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Wala."—Pat.] Buweno, buweno, ako'y . . . Kung ayos lang ito, mayroon ako. Nakakita ako ng pakete ng sigarilyo, noong isang araw, na nandoon sa kakahuyan; at mayroon akong Mensahe mula sa paketeng iyon ng sigarilyo, para mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Kita n'yo?

Kaya, mayroon ako nitong Mga Kasulatan dito. At hindi ko nais na lumampas sa oras, para makabalik pa kayo.

147 Isang pakete ng sigarilyo, na nangungusap. Buweno. Dumadaan ako noon sa kakahuyan, at may nakakalat doon na isang pakete ng sigarilyo, at basta patuloy lang akong naglakad. Naisip ko, "Buweno, may nauuna na sa akin."

At May nagsabi, "Bumalik ka at pulutin mo 'yon."

Naisip ko, "Pulutin ang isang pakete ng sigarilyo? Hindi ako."

May nagsabi, "Bumalik ka at pulutin mo 'yung pakete ng sigarilyo."

At pinuntahan ko roon, naroon ang lumang wala nang laman na pakete, at may nakita akong isang bagay. Sasabihin ko sa inyo ang tungkol dito, mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Buweno.

148 Ngayon ay mangungusap tayo tungkol sa panggabing mga Liwanag, sa ilang sandali lamang. Pauna nang sinabi ng Biblia na darating ang panahon, sa mismong panahon ng pagwawakas, na lilitaw ang araw, at magkakaroon ng panggabing Liwanag. Alam na nating lahat 'yan. Hindi ba? Tayo, tayo'y . . . Tayo na mga pamilyar na sa Mensahe natin ngayon mula sa Panginoong Jesus, naniniwala tayong magkakaroon ng isang panggabing Liwanag. At ang panggabing Liwanag na ito . . .

Siyempre, darating ang dakilang Liwanag kapag nahayag na si Jesus Mismo dito sa lupa, o doon sa Kalangitan, na inaagaw na ang Kanyang Nobya, at pagkatapos ay papasok na ang Milenyum.

149 Ngunit nasa atin ang isa sa mga pinakakakila-kilabot na mga panahong daraan, na kailanma'y dadanasin ng sangkatauhan sa hinaharap. At naghihintay na lamang ako para sa oras na 'yon, at kapag makakuha tayo . . . makakuha ang bawat isa ng pagkakataong lumiban sa trabaho at maglaan ng mga ilang araw, at magagawa nating manatili sa isang lugar kung saan maaari akong mangusap tungkol sa naturang mga Salot at mga bagay na nakatakdang dumating sa mga huling araw; at gugugol ng mga dalawa o tatlong linggo na magkakasama, at ihatid 'yan nang sabay, kung hahayaan ako ng Panginoong mabuhay pa upang gawin ito at kakasihan ako upang gawin ito, makita kung paano ihahayag ang mga bagay na iyon, at yaong Mga Kulog. Kung ganun ay malalaman na ninyo kung ano ang napapaginipan niyaong lalaki at ng mga taong iyon, at lahat ng mga bagay na ito doon, magaganap ang mga ito; kita n'yo, mapapansin ninyo kung ano ang inihahayag ng mga iyon, yaong dakilang Kulog na darating mula sa—mula sa kalangitan. Ngayon, siyempre, ang buong pangkat ninyo, alam ninyong alam ko kung ano yaong–ano ang ibig sabihin niyon, nakita ninyo. At, gayunma'y hintayin na lamang natin hanggang sa dumating ang panahon, nakita ninyo, na magaganap ito, kita n'yo, ngayon, at lalo pa itong magiging napapanahon.

150 Ngayon, kaya magbabasa tayo ng ilan dito sa mga—sa mga Kasulatang naririto. Ngayon, sa panggabing mga Liwanag na darating, ngayon, mapapansin natin na kailangan itong maging ang siya ring Liwanag na nasa umaga.

Sapagkat, walang isang araw sa umaga at ibang araw naman sa hapon. Iisang araw ito. Ang siya ring araw na nasa hapon ay nasa umaga; siya rin sa umaga kung paano sa hapon.

Ngayon, sabi Nito, “Ang araw na ito mismo,” ang araw sa pagitan ng oras na ’yon, “ay magiging para bang gaya ng, oh, gaya ng isang mapanglaw, na madilim na araw. Hindi matatawag na araw o gabi, sa pagitan niyaon.”

151 Kita n’yo, iyan ang pagbubuo ng Katawan, mula sa mga paa, pataas. Noong narito pa Siya sa lupa, Siya ang Anak, ang Kaliwanagan, pagkatapos Siya ay pinatay. Kinuha ng Iglesya ang Kanyang lugar, pagkatapos ang pagmamartir na at dumaan sa Madilim na mga Kapanahunan, at nagsimulang magtayo sa pundasyon nang palabas na. Kung gayon saan nagmumula ang paningin? Sa pinakaulo.

Nakita n’yo ang pangitaing iyon; ni Nebuchadnezzar? Nakita Siyang bumababa, mula sa pasimula ng kapanahunan ng mga Gentil bago maibuhos ang Dugo para sa kanila at gumawa ng katubusan. Sila ay ang mga kombertido na naipasok. Ngunit pansinin na ito’y tuluy-tuloy na bumaba, nang bumaba, nang bumaba hanggang sa pinaka ibaba, ayon sa simbolo, kita n’yo, ibinaba ito.

Pagkatapos ay nagsimula itong bumalik, pabalik na, ang Iglesya na bumabalik na mula sa mga paa, pataas. Ngayon ay nasa panahon na ito ng ulo—panahon ng ulo. Ngayon pansinin ang Liwanag.

152 Hindi kayo nakakakita sa pamamagitan ng inyong mga kamay, gayunma’y bahagi ito ng katawan. Hindi kayo nakakakita sa pamamagitan ng mga tainga, gayunma’y nakakarinig ito. Hindi kayo nakakakita sa pamamagitan ng ilong, gayunma’y nakakaamoy ito. Hindi kayo—hindi kayo nakakakita sa pamamagitan ng mga labi, kahit na nakapagsasalita ito; kita n’yo, iyan ang kapanahunan noon na Pentecostal. Ngunit nasa panahon na ito ngayon ng mata, ang paningin. Kita n’yo? Ngayon, wala nang isa mang kumikilos na bahagi paglampas sa mata. Tama ba?

Ang kasunod ay ang katalinuhan, na si Cristo Mismo, na Siyang kumukontrol sa buong Katawan.

Wala nang gumagalaw, pagkilos nang lampas diyan. Kita n’yo? Lahat ng iba pa ay kumilos na. Kita n’yo? Naigagalaw n’yo ang inyong mga paa, naigagalaw n’yo ang mga kalamnan ng inyong mga binti, naigagalaw ang lahat na. Naigagalaw ang inyong . . . Nakakagalaw ang inyong mga tainga, ang inyong ilong, ang inyong mga labi, at iba pa. Subalit pagkalampas sa inyong mga mata, wala nang anumang gumagalaw.

Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi nila na madaling makalbo ang mga lalaki, ay dahil, kita n’yo, wala nang ehersisyong makapagbubuo pa ng mga kalamnan sa—sa buhok,

sa anit. Kita n'yo? At wala itong pang-alalay upang makakuha ang mga iyon ng dugo doon sa itaas. Hindi na dadaloy ang dugo doon, kita n'yo, hindi na aakyat at magtutustos ng dugo. Siyempre, ang—ang ugat ng buhok ay nabubuhay sa pamamagitan ng dugo.

At ngayon napag-aalaman natin na ang bahaging iyon, nakita n'yo, na wala ng ano pa man paglampas sa mata.

153 Ngayon alamin natin. "Magliliwanag nga" (sa katanghalian ba ng araw?) "sa gabi!" Para saan ipinadala ang Liwanag? Upang makita ninyo kung saan kayo . . . kung paano kayo makakakilos sa paligid. Tama ba? Makita kung nasaan na kayo. "Magliliwanag sa gabi."

154 Ngayon, talakayin natin 'yan ngayon at ihambing ito sa Malakias 4. Ipinangako Niya na magkakaroon ng Liwanag na muling darating sa oras ng gabi, kita n'yo, "Sapagkat, narito, Aking isusugo sa inyo si Elias na propeta, at kanyang papagbabaliking-loob ang—ang mga anak sa mga magulang, at ang mga magulang sa mga anak," (tama ba?) "baka Ako'y dumating at saktan ang lupa ng sumpa."

155 Ngayon kunin natin ang Juan o . . . San Lucas 17:30, at masdan kung ano ang iprinopesiya ni Jesus doon, sinasabi na, "Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ng Sodoma, ay magiging gayun din ito . . . "

Ngayon alalahanin, pansinin, ito ay sa panahon na ang Anak ng tao ay mahahayag; ang paghahayag sa Anak ng tao. Ngayon, sa katunayan ang Anak ng tao ay potensyal nang nahayag, sa ilang sandali lamang doon, bago muna sinunog ang Sodoma. Ngayon, ang Lalaking iyon ay si Elohim. Iyon ang Diyos; at si Jesus ay Diyos. At nahayag nang potensyal ang Diyos doon mismo nang ilang saglit, upang makipag-usap kay Abraham, sa pagsisiyasat ng paghatol. Sa ilang saglit lang, ay nahayag ang Anak ng tao; ang Anak ng tao, si Elohim. Nakikita n'yo ba ito, iglesya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang Anak ng tao, si Elohim, ay nahayag sa ilang saglit lamang. Sapagkat, noon mismong sumunod na umaga ay sinunog siya, (kailan?) bago muling sumikat ang araw.

Kaya wala nang organisasyon pa na maaaring matira, ni magkakaroon man ng pag-unlad na higit kaysa nagaganap na ngayon, sapagkat masusunog siya bago muling sumikat ang araw. Tapos na ang rebaybal, sa buong bansa. Hindi na magkakaroon pa ng mga rebaybal, ng malalaking malawakang rebaybal; hindi iyon kailanman tinanggap ng bansang ito. Maaari kayong magkaroon ng mga intelektuwal na pagtitipon. Ngunit, ang ibig kong sabihin, ay isang Espirituwal na rebaybal, nakita na natin ang lahat nito. Hangad kong nakukuha ninyo ito. Sinasabi ko ito sa paraan na—na inaasahan kong makukuha ninyo ito. Kita n'yo? Tapos na ito.

Isang mabuting ministro ang nagsabi, kani-kanina lamang, sabi, "Kapatid na Branham, kung magkakaroon lamang ako ng kagalakan ng Panginoon sa puso ko!"

Sabi ko, "Anak, tapos na ang rebaybal." Kita n'yo?

156 Ngayon ang mga pampatatag ay inilagay na sa barko. Ang mga napakalalaking nakatatakot na mga alon ay naririto na sa unahan natin; ngunit alam natin, na sa kabila doon ng along 'yon, ay papalapit na tayo sa dalampasigan. Kita n'yo? Papalapit na tayo sa dalampasigan. Basta manatili lamang na matatag. Basta manatili lamang sa Salita. Manatili sa Diyos. Maging ano pa man ang nararamdaman ninyo, ano pa mang ibang bagay; manatili kayo mismo sa Salita. Hayaan—hayaan—hayaang manatili itong matatag, kapag nakikita ninyo ang lahat nitong mga napakalalaking mga ulap na nakapalibot sa atin, at dumarating na mga bagyo, at mga bomba atomika, at lahat ng iba pang mga bagay na pinag-uusapan nila. Ngunit ang pampatatag natin ay naroon mismo sa Salita. Sinabi ng Diyos na maparirito ito; dadaanan natin ang ibabaw ng bawat isa sa mga iyon. Oo, pasasaibabaw mismo tayo sa mga iyon. Oo, tiyak nga! Sila, hindi nila tayo kayang palubugin. Hindi nila tayo kayang lunurin. Ilagay ninyo kami sa libingan; lalabas kaming muli. Ganoon lang iyon. Walang anumang paraan sa mundo na makapagpapanatili nito doon sa ilalim. Dadaanan natin ang ibabaw ng bawat isa sa mga iyon, sapagkat ang ating dakilang Punong Kapitan ay tumatawag doon sa kabilang ibayo.

> Nakaangkla tayo kay Jesus, lalabanan ko ang
> mga bagyo ng buhay;
> Nakaangkla ako kay Jesus, wala akong
> kinatatakutang hangin o alon man;

157 Maging ano pa man iyon, hayaang dumating iyon. Ano man ang maaaring mangyari, ano man ang mangyayari, walang anumang pagkakaiba. Nakaangkla na tayo mismo doon kay Jesus. Kung mabubuhay ako, mabubuhay ako para sa kaluwalhatian ng Diyos. Kung mamamatay man ako, kung gayon mamamatay ako para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ako—ako—nais ko lamang na basta. . .Ito'y para sa kaluwalhatian ng Diyos, ang nais kong gawin. Kapag tapos na ang lahat ng 'yan, ayaw ko nang manatili pa. Nais ko nang pumunta sa kung saan. . .sa aking gantimpalang binili Niya para sa akin; hindi kung ano ang nakamit ko, kundi kung ano ang binili Niya para sa akin, kung ano ang ibinigay Niya sa akin sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

158 Kaya nakikita natin na naririto na ang Liwanag sa gabi. At ano ang saysay sa pagkakaroon ng Liwanag, kung wala kayong mga mata upang makita kung paano makakakilos Dito? Ano ang Liwanag sa gabi? Dumarating ang naturang Liwanag, upang ihayag ang isang bagay. Tama ba? Kung mayroong anumang

bagay *dito*, nararamdaman ninyo at hindi ninyo mauunawaan kung ano ito, sa kadiliman, kung gayo'y magsindi ng ilaw. Ito'y upang maghayag! Ano bang gagawin ng Malakias 4? Kita n'yo? Gawin ang gayun ding bagay. Ano ang gagawin ng pagbubukas ng Pitong Tatak, kung saan ang lahat ng mga denominasyong ito'y nangangapa rito sa . . . ? . . . Ay upang ihayag, ilabas. Kung wala kang mga mata, kung gayo'y ano ang silbi ng paghahayag? Kailangang magkaroon ng mga mata, muna, upang makakita. Tama ba? Upang maihayag ang Malakias 4, maihayag ang San Lucas 17:30, San Juan 14:12, gayon din ang Juan 15:24, 16:13. At upang maihayag din ang Apocalipsis 10:1 hanggang 7, ang pagbubukas ng Pitong Tatak, at ang Mensahe ng ikapitong anghel; upang buksan, upang ihayag, kapag dumating na ang Liwanag sa gabi. Ngayon kung ang isang tao . . .

159 Sa Kapanahunan ng Laodicea, ang mga tao ay (ano?) "hubad." Sila nga ba? "Bulag." Anong silbi ang magagawa ng Liwanag sa isang bulag na tao? Kung aakayin ng bulag ang bulag, hindi ba't mahuhulog silang lahat sa hukay? "Hubad, bulag, at hindi nalalaman iyon." Wala na maging ang pag-iisip nila, ang kanilang mga espirituwal na kakayahan ng isipan, pang-unawang espirituwal. Kita n'yo?

"Mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos; mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at hindi mga maibigin sa mabuti; na may anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang Kapangyarihan nito." Ang kapangyarihan ng kapahayagan; ni hindi nga sila naniniwala rito. Kita n'yo? Hindi sila naniniwala sa mga gayong bagay na gaya ng mga propeta. At kaya hindi nila ito pinaniniwalaan. Naniniwala sila na—na ang Malakias 4 ay magiging isang iglesya o isang organisasyon.

Noong una siyang dumating, isa siyang tao. Nang dumating siya sa ikalawang pagkakataon, na may dobleng bahagi, isa siyang tao. Nang dumating siya sa anyo ni Juan Bautista, isa siyang tao. Kita n'yo?

Sa mga huling araw, kapag nagsimula nang magningning ang mga Liwanag sa gabi, mabubuksan ang mga mata at makikita na ninyo kung saan kayo patungo. Pagkatapos ang Katawan ay buo na, nakatindig sa mga paa nito, gumagalaw, kumikilos sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ano? Ang siya ring Isa na kumilos sa mga propeta na nagsulat sa Biblia, ang siya ring Banal na Espiritu na kumikilos sa isang Katawan na puspos ng Banal na Espiritu, kumilos sa Banal na Espiritu, mula sa bawat organisasyon, bawat lahi, wika, at mga tao.

160 Isang munting binibini rito, hindi siya kabilang dito sa organisasyon, o sa organisasyong ito . . . kabilang sa kongregasyong ito. Nanggaling siya sa iba pang lugar, at

naparito siya ngayong umaga, nagdala ng isang larawan doon. Siya ay. . .ibinigay ito sa anak kong lalaki, na talaga namang labis na namangha. Hindi ko alam kung narinig na niya ang tungkol Dito o hindi. Hindi ko alam. Mayroon siyang larawan nitong Anghel ng Panginoon na nasa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, nabuksan na Pitong Tatak, doon, nang maganap iyon. Sabi, lumingon siyang muli roon, at nakita niya 'yon na naroroon sa langit, sa isang panaginip. At lumingon siyang muli roon at nakita iyon, may nakitang isang nakaputi, na nagmamartsa pasulong; at sa likod nito, sabi'y tila ito. . .Sabi, "Kapatid na Branham, ikaw 'yon." At sabi, "Nagmamartsa naman doon," sabi, "sa likuran mo, ang mga taong magkakaiba ang mga kulay, may dalang mga bandila; Georgia, Alabama, lahat na ng iba't ibang lugar, na nagmamartsa pasulong," patungo sa pagkapangulo kung saan ay inihahayag si Cristo sa pangitain. Oh, aleluya!

161 Nasa huling mga araw na tayo, at nasa huling mga oras na ng naturang mga araw. Nakikita n'yo na ba Siya ngayon sa Kanyang Salita, at lahat ng Kanyang Salita na nahahayag mismo sa ating harapan? Oh, Iglesya ng buhay na Diyos, magsitindig kayo, sumampalataya sa Kanya sampu ng lahat na ng nasa inyo. Humawak sa munting Gulong na nasa gitna ng gulong, hayaang patatagin Nito ang bawat kilos at bawat galaw na gagawin ninyo. Bawat pag-iisip na mayroon kayo, nawa'y kuntrolin Ito ng Toreng ito na nasa loob ninyo. Dahil, ang Diyos ay namamalagi mismo sa Kanyang Salita sa panahong ito, sa pang-gabing Liwanag, ipinakikita ang Liwanag.

162 Ang kabulagan ng isang paniki! Maaari kang magsindi ng isang ilawan, at ang paniki—ang paniki ay magiging bulag na bulag na anopa't hindi niya magawang lumipad. Ang humuhuning kuwago, ang lahat na ng mga pagala-galang iyon tuwing gabi, at mga bagay na ganyan, mga ipis at ganung mga bagay, ay hindi nakakakita kapag araw. Hindi nila alam kung tungkol sa ano ang lahat ng ito. Hindi sila makakita.

At nagliliwanag na ang mga Liwanag sa gabi. Bawat parabula, saan man tayo magpunta, sa kalikasan, sa Biblia, sa—sa mga estatwa ni Melc-. . .na nakita ni Daniel, at—at ang hari ng panahong iyon, nakita nilang lahat; at ang lahat ng mga bagay na ito, ang bawat isa, bawat anyo, bawat kilos, bawat bahagi sa Katawan, ay maayos na ipinapakita sa atin ang mismong oras na kinabubuhayan natin. Wala nang darating na iba pang pagkilos pagkatapos nito.

Nagkaroon ng pagkilos ng kamay; pag-ibig, si Wesley. Nagkaroon ng pagkilos, ng pundasyon; si Luther. Pag-ibig, wala nang ibang hihigit pa; tinawag ito noon na kilusang Wesley. Nagpadala sila ng mga misyunero sa buong mundo. Isa sa mga pinakadakilang pagkilos na nagawa, sa kapanahunan bago 'yan.

Pagkatapos dumating ang kapanahunang Pentecostal; saka dumating ang iba't ibang mga daliri at ganung mga bagay, ang kapanahunang Pentecostal, patungkol sa mga dila, at ilong, at iba pa.

Ngayon ay nasa mga mata na ito. Anong saysay na kakailanganin ninyo ng mga mata, o kailanganin ang liwanag, kung wala naman diyan ang mga mata para makakita? Kailangang mayroong mga mata, muna, para makakita. At pagkatapos nang dumating na iyon, binuksan Niya ang Pitong Tatak at inihayag ang Liwanag sa gabi, kinukuha ang lahat ng mga hiwagang naitago nitong mga nagdaang mga kapanahunang iglesya, at ngayo'y inihayag ang mga ito gaya ng Kanyang ipinangakong gagawin sa Apocalipsis 10:1 hanggang 7. Naririto na tayo ngayong nakapuwesto sa gitna ng Salita, at ang Salita na inihahayag naman sa atin ni Jesus Cristo. Kung gayon, *Ito* ang Salita ng Diyos.

163 At maging Kanyang mga tagasunod, dapat tayong lumakad nang malapit sa May-akda, upang maunawaan Ito, upang maghayag Ito. "O Panginoon, ano po ba ang gusto Mo sa akin, na ipagawa? Kung kailangan ko bang humayo sa mga larangan at ipangaral ang Ebanghelyo, o dapat ba akong manatili sa bahay? Maging ano pa man iyon, kung dapat ba akong maging mabuting maybahay, kung dapat ba akong maging mabuting ina, kung dapat ko bang gawin ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*? Maging ano pa man iyon, kung dapat akong maging isang magsasaka, kung ako. . .Maging ano pa man iyon, Panginoon, ano po ang nais Mong ipagawa sa akin?"

164 Hindi ba't iyan din ang hibik ni Saulo doon, "Panginoon, ano po ang nais Mong ipagawa sa akin?" Naroon siya sa ig-. . .sa kanyang daan patungo sa—upang ibilanggo ang buong iglesya. Ngunit gayunma'y humibik siya, "Ano po ang nais Mong ipagawa sa akin?" Nang bumukas ang Liwanag, gaya ng isang malaking Haliging Apoy na nakalutang sa itaas niya. "Ano po ang nais Mong ipagawa sa akin?"

165 Sa palagay ko'y isang magandang salita 'yan bilang pagtatapos, at sabihin, "Panginoon, ano po ang nais Mong ipagawa sa akin? Kung kailan nakikita ko na itong Kasulatan na ganap na ganap na nahayag ngayon mismo; Panginoon, ano po ang nais Mong ipagawa sa akin?"

Iyukod natin ang ating mga ulo.

166 Hinihiling ko sa bawat isang naririto na siyasatin ang inyong mga puso ngayon at itanong ang katanungang iyon, "Panginoon, ano po ang nais Mong ipagawa sa akin?" At kayong mga tao, kung nasa mga nakakonektang telepono pa rin kayo sa buong bansa, iyukod ninyo ang inyong ulo at itanong, "Panginoon, ano po ang ibig Mong ipagawa sa akin? Nakikitang naririto na kami sa mga huling araw at sa mga huling oras, nang ganap na ganap

sa aming harapan, napakaliwanag na nahayag, ano po ang nais Mong ipagawa sa akin?"

167 Minamahal na Diyos, habang tinatanong Ka nila ng katanungang iyon, itatanong ko po, ang sa sarili ko, sa Iyo, ano po ang gusto Mong ipagawa sa akin, Panginoon, habang aking napagtatanto na dapat mahalaga ang bawat araw. At dalangin ko na Iyong tulungan ako, Panginoon, na mabuhay nang gayon upang ang bawat araw, ito'y maibilang para sa Iyong karangalan at kaluwalhatian.

Dalangin ko na Iyo pong tulungan ang bawat isa sa buong bansa, at ang mga naririto sa tabernakulo habang sinisiyasat namin ang aming mga puso at sinasabi, "Panginoon, ano po ang gusto Mong ipagawa sa akin? Ano po ang maaari kong gawin, Panginoon, upang palawakin pa ang Iyong Kaharian at ang Iyong Layunin?" Ipagkaloob po ito, Diyos.

Siyasatin kami, ang aming mga puso, at subukin Mo po kami. Kung mayroon man pong anumang katampalasanan sa amin, Panginoon, anumang pagkamakasarili, anumang masasamang mga motibo o mga layunin, O Diyos, linisin Mo po kami sa pamamagitan ng Dugo ng Iyong Anak, na si Jesus Cristo, na siyang aming tinatanggap nang may pagpapakumbaba ang Kanyang handog-pantubos ng Kanyang pagkamatay at ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. At sa pagkaaring-ganap sa pamamagitan ng pagsampalataya na Kanya itong ginawa, ay malugod naming tinatanggap ang plano ng kaligtasan na Iyong ibinigay sa amin, para sa amin.

Ama, nagpapasalamat po kami sa Iyo para sa Mensahe ng araw na ito, sa kung ano ang aming sinasampalatayanan at kung ano ang aming pinanghahawakan, ang malaman at manampalataya na ito'y Iyong Salita at Iyong Mensahe. Hindi upang maiba sa ibang tao, kundi upang sikapin na higit na maging katulad ni Jesus Cristo na Siyang aming halimbawa.

168 Minamahal na Diyos, nakalapag dito ay mga panyo, at may mga taong may sakit sa lahat ng dako. At ako mismo, Panginoon, ay pagod at hapong-hapo na, ngayong umaga. Dalangin ko na Iyo po kaming tulungan, minamahal na Diyos. Umaasa kami sa Iyo para sa kalakasan. Ikaw po ang aming Kalakasan. Napakarami na po ng Iyong natulungan, minamahal na Diyos.

169 Noong isang araw, nag-iisip doon sa may kakahuyang iyon, naglalakad-lakad kasama si Kapatid na Banks Woods, nang ang mga doktor. . .Napakalubha na ng kanyang puso na ni hindi na siya halos makapaglakad-lakad. Pagkatapos ay sa pag-iisip kung paano ko. . .na wala akong kaalam-alam na doon, sa paglalakad sa mga kabundukang iyon matapos ang pangitaing 'yon, "Kailangan kong makuha ang leon na iyon. Kailangan kong makita na mapatay ang leong iyon."

At pagkatapos sa pagbaba doon, at nang naroon na sa Tucson, sa Furr's Cafeteria, at makitang nakalaylay na lahat ang kanyang damit, ang mga nananamlay niyang mga mata. Sabi, "Diyos, kung maaari Mo ngang ipakita ang isang pangitain, kung nasaan ang isang leon, tiyak na maaari Mong ipakita ang tungkol kay Kapatid na Woods."

At pagkatapos ay dumating iyon, "Ipatong mo ang mga kamay mo sa kanya."

At naririto siya ngayon, nakabalik na, ang aming Kapatid na Banks muli, malakas na, na tumatakbo nang paroo't parito sa mga bundok na iyon. Gaano Ka naming pinasasalamatan, minamahal na Diyos. Nag-iisa Kang Diyos sa aming lahat kung paanong Ikaw kay Kapatid na Woods. Alam kong mahal Mo po siya, sapagkat siya'y Iyong lingkod, tapat at totoo.

170 At dalangin ko, minamahal na Diyos, na kauugnayin Mo ang bawat isa sa amin, at patatawarin ang aming mga kasalanan, at pagagalingin ang aming mga karamdaman ng aming mga katawan. Gawin kaming higit pang katulad Mo, sa araw-araw, Panginoon, hanggang sa maabot namin ang kabuuang sukat na iyon ni Jesus Cristo. Ipagkaloob Mo po iyon, Panginoon. Nagtitiwala ako na nasiyasat Mo na ang bawat puso, ngayon, at alam namin kung ano ang gagawin. Hinihiling namin na Iyong pagpalain kami ngayon, sa Pangalan ni Jesus.

171 At habang nakayukod ang ating mga ulo, mayroon bang sinumang naririto, o naroon sa—sa dako sa telepono sa buong bansa, na nais lamang na, habang kayo'y nananalangin, at nakayukod ang inyong ulo, itaas lamang ang inyong kamay sa Diyos ngayon. Iyon lang ang magagawa n'yo; nagsisiksikan na rito ngayong umaga. Basta itaas lamang ang inyong kamay sa Diyos, sabihin, "Diyos, gawin akong higit pang katulad ni Jesus. Ako—nais kong higit pang maging tulad ni Jesus." Pagpalain kayo ng Diyos. Doon sa mga lugar sa buong bansa, mga kamay ay sadyang nasa lahat na ng dako, sadyang nagkakaisang karamihan. Gayon din, nakataas ang kamay ko. "Nais kong higit pang maging tulad Niya. Siyasatin Mo po ako, Panginoon, at tingnan kung mayroong anumang kasamaan sa akin; alisin po iyon. Ako—nais kong . . . " Ano? Naririto tayo nang sadyang napakatagal, gayunma'y lilisan tayo kahit na kayo'y . . . kahit na, maging ano pa man kayo, gaano man kayaman, gaano man kahirap, gaano man kabata, gaano man katanda.

172 Nakatayo kahapon sa isang—isang munting, mahihirap na grupo ng mga tao doon sa isang bundok, doon sa may . . . sa may sapa. May isang munting pamilya doon, isang lalaki na noon ko pa kinakausap tungkol sa Diyos, nang napakatagal na. Bumaba, kasama ang kanyang munting asawa, may pito o walong mga anak; siya, na isang may kaliitan, na payat na nilalang, ay naroroon sa malayo na nagsisikap magtrabaho,

sa ilang dolyares kada araw. At isang lalaki ang nagpatira sa kanya sa isang maliit na kubo. At naroon sa itaas ang kanyang asawa, malapit nang magkaanak muli, at mayroon itong isang malaking malapad na palakol doon, nagsisibak ng kahoy, para mahila iyon pababa; may kargang sanggol sa isang balakang, hinihila naman ang kahoy sa kabila; bumaba ito upang sibakin ang kahoy na 'yon, para makapag-imbak ng ilang minatamis na blackberry, upang hindi magutom sa buong taglamig. Naku, talagang naaawa kami sa kanya! Si Kapatid na Woods at ako ay nagpunta at kinuha ang trak, at nagtungo doon at nagsibak ng kahoy niya, at ipinasok iyon. Siya, isang mapagpasalamat na munting babae, nakatayo lamang doon. Naaawa ako sa kanya. At patuloy kaming nanalangin para sa kanila.

173 At ang munti niyang anak ay inatake ng epilepsy. Nagpunta kami at nanalangin para sa munting sanggol, at pinagaling ito ng Diyos. At noong isang araw, nagkaroon noon ng luslos ang kanyang asawa, at nagtungo sa . . .

Matagal ko na siyang kinakausap. Naninigarilyo siya, silang dalawa. Tabako ang ginagamit ng babae, at siya, rin, na pangkaraniwan sa mga taga-bundok. At pagkatapos ay patuloy akong nakikipag-usap sa kanila tungkol dito. At kahapon ng umaga nang pumasok na ako, mga magbubukang-liwayway na, narito siyang naglalakad palabas, magkasalikop ang mga kamay niya, at sabi, "Kapatid na Billy, isa na akong nagbagong tao." Sabi niya, "Hinitit ko na ang huling sigarilyo ko, at nasa panig na ako ng Panginoon."

Sabi naman ng asawang babae, "Hinitit ko na ang huling isa ko, rin."

Oh, itanim lang ang binhi! "Akong Panginoon ang nagdilig. Aking didiligan ito sa araw at gabi, baka agawin ito ng iba mula sa Aking mga kamay."

174 O Diyos, mahabag po Kayo ngayon, ang dalangin ko, at ipagkaloob Mo po ang hangad ng aming puso, sapagkat sa aming mga puso'y nais naming paglingkuran Ka. Ngayon, Ama, nasa mga kamay Mo na silang lahat, saan mang dako. Sila'y mga anak Mo. Kaugnayin Mo po sila ayon sa habag, Panginoon; hindi sa paghuhukom, kundi sa habag. Hinihiling po namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

175 Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nang buong puso ninyo! Ngayon, kayo na mayroon niyaong mga panyo, ay makukuha na ang mga iyon.

At ngayon, ang mga gawain natin, sa palagay ko'y magsisimula sila nang medyo maaga, alas-siyete, o mga ganoon. Ipababatid ito ni Kapatid na Neville, maya-maya lamang, tungkol sa kung kailan magsisimula.

Mayroon bang pagbabautismo, sa palagay ko, ngayong umaga? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Nakahanda na ang

tubig."—Pat.] Nakahanda na ang tubig, kung sinoman ang narito at hindi pa nababautismuhan sa Pangalan ng ating Panginoong Jesus Cristo, aba, ito'y tiyak na . . . Handa na ang tubig para sa gawaing pagbabautismo.

176 Pinasasalamatan natin ang lahat ng mga kapatid na ministro. Nakikita ko si Kapatid na . . . Kumusta ang inyong pagtitipon, naging maayos ba, Kapatid na Parnell? At Kapatid na Martin, at, oh, napakarami nila rito, si Kapatid na Lee Vayle. Oh, sadyang mayroong mga ministro sa lahat ng dako. Talagang ikinagagalak namin na maparito kayo, na nakikipagtipong kasama namin sa Salita.

177 Marahil ay hindi kayo sumasang-ayon nang eksakto sa akin Dito; hindi ko naman hinihiling sa inyo, nakita n'yo. Isang bagay lang, pag-isipan n'yo lamang Ito. Kung ano ang sasabihin ninyo sa akin, isasaalang-alang ko iyon. Kung kukuha ang mga ministro ng teyp, at sasabihin nila, "Buweno, hindi nga ako sumasang-ayon." Ayos lang 'yan, kapatid ko. Pastor kayo marahil ng ibang tupa; kayo—pakanin ninyo sila kung anuman ang gusto ninyo.

Pinagsisikapan kong lubos na manatiling tama sa Salita, para dito sa mga inilagay sa mga kamay ko para sa Diyos, sapagkat nais ng mga tupa ang pagkain na pang-tupa, siyempre. "Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." At iyan ang bumubuhay sa atin, bawat Salita na lumalabas . . . Hindi lahat . . . Hindi lamang isang Salita ngayon at paminsan-minsan; kundi bawat Salitang lumalabas mula sa bibig ng Diyos, doon dapat mabuhay ang mga banal.

Magsitayo tayo ngayon. Habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo . . .

At Kapatid na Neville, may bagay ka bang nais sabihin sa kanila? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Wala."—Pat.] Kapatid na Mann? Buweno.

Mabuti ba ang pakiramdam ng lahat? Sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mabuti.

Ngayon iyukod natin ang ating mga ulo.

Hihilingin ko kay Kapatid na Lee Vayle kung makakalapit siya rito sa itaas, o kung magagawa niya. Kung makakapunta ka diyan, Kapatid na Vayle, kung magagawa mo.

Si Kapatid na Vayle ay kapatid natin dito, isang manunulat ng mga aklat. At inihahanda na niya ang aklat ngayon na, *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, at ginagawa na ang *Ang Pitong Tatak*. At inaasahan na nating malapit nang mailabas ang mga iyon. Buweno. Kapatid na Lee Vayle.

Pagpalain kayo ng Diyos.

*Si Cristo Ay Nahahayag Sa Kanyang Sariling Salita* TAG65-0822M
(Christ Is Revealed In His Own Word)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 22, 1965, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2011 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org